May kulto ng paghahandog ng hayop ang Israel. Gayundin ang maraming ibang bansa. Ang ilan ay umiiral pa hanggang ngayon. Inilalarawan ng Bagong Tipan ang kamatayan ni Jesus bilang isang handog, wika nga'y bilang katuparan ng lahat ng handog na hayop na iniharap ng Israel.[95] Isa itong talinghaga, isang tulong para sa atin upang maunawaan natin ang nagawa ni Jesus. Ang ideya ng handog ay hindi rin banyaga sa labas ng isang kulto. Kapag ang isang tao ay nag-aalay ng sarili para sa iba upang iligtas sila.

Ang mga hayop na handog ay pinapatay nang mahinahon sa dambana. Ngunit mga tao ang pumatay kay Jesus. Hindi Siya namatay nang basta-basta o nang mabilis. Pinatay Siya nang marahas. Bahagi ng kalikasan ng handog ang pagbububo ng dugo at ang kamatayan, ngunit hindi ang pagdurusa o ang kalupitan. Ang kamatayan ni Jesus ay isang sadyang marahas at masamang pangyayari. Ang kamatayan sa krus ay nilayong magsilbing babala at panakot. Nakilala man ito ng mga tao o hindi, ang kanilang karahasan laban kay Jesus ay karahasan laban sa Diyos.

Ang sariling tugon ng Diyos sa karahasan ng daigdig ay ang pagpapawalang-bisa sa mga kapangyarihan ng kasamaan. Sa pamamagitan ng pagtitiis at pagsipsip sa mga ito. Kaya napakahalaga na hindi ipinagtanggol ni Jesus ang Kanyang sarili nang Siya'y salakayin. Ang pagpapatawad ay nangangahulugang tiisin at sipsipin ang sakit sa kalooban. At tumangging hayaang umusbong ang pait, sama ng loob, pagkapoot at paghihiganti. Dumarating ang Diyos sa daigdig bilang ang walang-salang handog. Sa huli, ang kamatayan ng handog ay kinailangang maging natatangi. Hindi lamang isang ritwal na handog na hayop. Sa huli, ang mga handog ng Lumang Tipan ay tunay ngang mga anino lamang ng tunay na handog.

---

93. 2 Corinto 5:19-21
94. Juan 1:29, 36
95. Efeso 5:2; Hebreo 7:27; 9:14, 26; 10:12, 14

Namatay si Jesus dahil sa ating mga kasalanan, ngunit higit sa lahat ay para sa ating mga kasalanan.[96] Siya ang korderong handog ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.[97] Bilang handog, Siya ang tanging paraan upang tayo'y malinis mula sa ating mga kasalanan, mula sa ating karumihan. Upang makalapit sa presensiya ng isang banal na Diyos.

Sa pagpapatong o pagdiin ng mga kamay sa handog, nakikiisa ang naghahandog sa handog. May lumilipat sa handog. Ang dungis, ang karumihan, ay lumipat sa handog at sa gayon ay nawasak. Ang handog ay nagiging isang uri ng kahalili. Ang isang handog, o mas tiyak, ang dugo ng handog, ay nakapag-aalis ng mga kasalanan. Ang pag-aalis ng kasalanan ay nangangahulugang binubura ang ating mga kasalanan. At pinawawalang-bisa rin ang pinsalang idinulot nito. Tinatakpan ang kasalanan, binabali ang kapangyarihan nito. Ang nawasak ay nagiging buo.

Tinupad ni Jesus ang larawang ipinakikita ng lahat ng handog na hayop. At kasabay nito ay winakasan Niya ang mga ito.[98] Ginawang hindi na kailangan. Ngayon, isang taong walang kasalanan ang namatay para sa ating mga kasalanan. Isang Sakdal para sa mga makasalanan. Ang ating mga kasalanan, pagsalangsang at kasamaan, ang ating di-mabilang na pagkakasala laban sa Diyos at sa tao, ang ating pagsuway – pinasan Niya ang lahat ng iyon. Na para bang Siya mismo ang gumawa nito. At inalis Niya ito magpakailanman.[99] Isinama sa Kanyang kamatayan. Sa krus pinasan Niya ang bigat ng ating kasalanan at mga kasalanan. Doon sa krus hinatulan ng Diyos ang kasalanan, oo, isinagawa Niya ang hatol dito sa persona ng Kanyang Anak.[100] Kaya ang Kanyang kamatayan ay hindi gaya ng sa ibang mga ipinako. *Dito namatay ang isang tao sa kamatayan ng makasalanan, kahit hindi Siya makasalanan. Bilang handog na pinapasan ang ating mga kasalanan at kalikuan. Ang maging kaisa ng mga kasalanan ng buong sanlibutan ay isang di-matitiis na pangyayari. Ang tiisin sa sarili ang paghatol sa kasalanan para sa iba ay hindi maihahambing sa anumang sakit at anumang karanasan sa daigdig.*[101] Isa itong pangyayaring minsan lamang naganap. Sa gitna ng pinakamalupit at pinakamapanganib na kapaligiran para sa tao – ang nakapangingilabot na pagpapako sa krus. Iyon ang halaga. Sa krus na iyon sa pagitan ng dalawa pang krus naganap ang pinakamatinding pagdurusa sa lahat ng panahon.

---

96. 1 Corinto 15:3
97. Juan 1:29, 36; 1 Pedro 1:18-21
98. Hebreo 7:27; 9:26, 28; 10:10, 14
99. Hebreo 8:12; 10:17; Mikas 7:19
100. Roma 8:3
101. Roma 8:3; 2 Corinto 5:21

Ang pagdurusang ito ang garantiya na ang kinabukasan ay nasa mga kamay ng Anak ng Tao. Ang lalim ng mga pagdurusang pinasan mismo ng Diyos ay nananatiling isang hiwaga. Ang Diyos mismo ang lumilikha ng tanging posibleng solusyon: ang natatanging handog ng Kanyang Anak. Tinutupad nito ang hindi natin kailanman maibabalik o magagawa.

Ang pag-aalay ni Jesus ng Kanyang sarili bilang handog para sa atin at para sa Diyos ang patunay at saligan, ang panimulang punto ng walang-hangganang pag-ibig, kabukasang-palad at kagandahang-loob sa atin.

Hindi tayo matutulungan ng isang Cristo na namatay at nanatiling patay.[102] Nanatili ang tanong na nagpapasya sa lahat: *Talaga bang tinanggap ng Diyos ang handog ng Kanyang Anak?*

Oo! Muli Niya Siyang binuhay. Ang muling pagbuhay kay Jesus ay higit pa sa isang himala. Higit pa sa isang tandang padamdam. Ipinapahayag nito na masayang tinatanggap ng Diyos ang natatanging handog na ito at ngayon ay maaari na Niyang ipahayag na matuwid ang mga makasalanan.[103] Nangangahulugan ito na nagpapakita Siya ng biyaya at nagpapatawad nang walang kondisyon. At ginagawang matuwid ang mga makasalanan.[104] Na para bang hindi sila kailanman nagkasala.

Kailangan ba ng Diyos ng handog?

Maaaring pagnilayan nang walang katapusan ang krus ni Cristo. Naitanong na rin ba ninyo: Kailangan ba ng Diyos ng handog? O kaya, paano posible na ang isang Diyos ng pag-ibig ay humihingi ng handog upang palubagin ang Kanyang poot?

Una, dapat maging malinaw sa atin *na tayo ang nangailangan ng handog*. Hindi ang Diyos. Tayo ang may problema. Hindi ang Diyos. Tayo ang nagkasala at tayo sana ang dapat maghandog ng isang handog na nag-aalis ng kasalanan, bilang pagbabayad sa pinsala. Sapagkat ang pag-aalis ng kasalanan ay pananagutan ng lumabag. *Ngunit ang tanging makapagtutuwid ng kalagayan ay ang Diyos mismo. Siya ang nagbabayad ng halaga. Upang maibalik ang ugnayan sa Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang kahandaan at pagkukusang magpatawad. Iyan ang ginagawa ng Diyos kay Jesus.*

Itinanong ko rin sa aking sarili kung hindi ba ito maaaring mangyari nang walang madugong handog. Lalo na nang walang kakila-kilabot na kamatayan ni Jesus sa krus. Sa halamanan ng Getsemani, nanalangin at

102. 1 Corinto 15:17
103. Roma 4:24-25; 1 Corinto 15:3
104. Roma 3:21-26; 5:1, 9

nagsumamo si Jesus ilang sandali bago Siya ipinako sa krus. Takot na takot at hindi makapaniwala. Nakiusap Siya sa Kanyang Ama, na sa Kanya ay posible ang lahat, kung maaaring hindi na Niya pagdaanan ang krus. Na lumampas sa Kanya ang saro ng pagdurusa. Ngunit tinupad ni Jesus ang kalooban ng Ama. Walang pagtutol Siyang humarap sa maling paghatol at sa mga pangyayari sa krus.[105]

Sinasagot ng mga salita sa halamanan ang ating tanong: *Hindi posible na matupad ang kalooban ng Diyos na magligtas nang wala ang krus at ang kamatayan ni Jesus.* Totoo, sa Diyos ay posible ang lahat – ngunit may sarili Siyang daan tungo sa kaligtasan. Kanya ang sansinukob at Kanya ang daigdig. Siya ang nagtatakda ng mga tuntunin at kalagayan ng buhay. Kailangan natin ng isang kahalili. Kailangan natin ng isang Tagapagpalaya na muling nabubuhay mula sa mga patay at hinihila tayong kasama Niya patungo sa buhay. Kailangan natin ng isang Tagapagpalaya na dumaraig sa kapangyarihan ng kamatayan – sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan. Na pumapasok sa moog ng kaaway na kamatayan at winawasak ang mga tanikala at mga pintuan.

Ang pag-ibig ng Diyos at ang pag-ibig ni Jesus ay mas malakas kaysa sa mga pagdurusa. Ano ang lubhang ikinatakot ni Jesus? Ang pagbitay sa Kanya ng mga Romano sa isang krus? Tiyak. Ngunit pati ang maituring na kaisa ng ating kasalanan. Ang pasanin ang ating kasalanan. Na para bang Siya mismo ang pinagmulan at gumawa nito. Narito ang pinakadakila, na hindi natin kayang isipin. Isang bagay na walang sinuman sa mga naroon sa Golgota nang araw na iyon ang nakaunawa o kahit nakahula man lang. *Sa krus nagtatagpo ang walang-hangganang pag-ibig at kabanalan ng Diyos, ang di-mabilang na kasalanan ng sanlibutan, ang pagkapoot ng mga tao at ang mga kapangyarihan ng kadiliman. Kailangang tiisin ito ni Jesus. Pasanin at tiisin. At isama ito sa Kanyang kamatayan.*

Kung naging posible ang kalooban ng Diyos na magligtas nang wala ang krus, hindi sana nagkaroon ng ganitong wakas sa Golgota! Ang krus bilang pagbabago ng direksiyon ng kasaysayan ay nananatiling isang kabalintunaan. Ngunit para sa atin, ipinapakita nitong ito ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos. Muli: Ito ang Kanyang daan.

Hindi ito imbento ng tao. *Ang krus ni Jesu-Cristo ang sagot ng Diyos sa isang wasak na daigdig. Hindi kailangang humingi ng paumanhin ang mga Kristiyano, ang mga tagasunod ni Jesus, dahil sa krus. Nananatili itong isang iskandalo.* Para sa

105. Mateo 26:36-46; Marcos 14:32; Lucas 22:39

mga hindi sumasampalataya, hindi ito maisasaayos sa isang katanggap-tanggap na anyo o lohika.

Ang tanong kung kailangan ba ng Diyos ng handog upang mapalubag ang Kanyang loob o mapawi ang Kanyang poot ay masasagot nang ganito: Tayong lahat ay nasa ilalim ng poot ng Diyos.[106] Nahayag ang poot ng Diyos[107] at makikita ito sa darating na paghatol.[108]

Ngunit ang Diyos ay mabagal sa pagkagalit.[109] Pinipigil Niya ang Kanyang poot. Pinapasan Niya ang kasamaan at hindi na nagpaparusa. Ang pagpapatawad ay may kinalaman sa pagpasan at pagtitiis. Ang Diyos mismo ay madalas na nagtiis sa kalikuan ng Kanyang bayang Israel. Ang Golgota ang rurok. Doon tinitiis ng Diyos ang kasalanan ng Kanyang bayan at hindi Niya ibinibigay ang sagot na ibibigay sana nating mga tao kung tayo'y makapangyarihan sa lahat. Ngunit tahimik ang Diyos. Hindi Niya dininig ang panalangin sa Getsemani, kundi ang panalangin ni Jesus sa krus: *Ama, patawarin Mo sila, sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa.*[110]

Sa krus, winakasan ng Diyos ang Kanyang poot. Pinigil Niya ito! Ang krus ang lugar kung saan nagwawakas ang poot ng Diyos. Hindi ang lugar kung saan nag-aalab ang Kanyang makatarungang poot, kundi kung saan ito namamatay. Ang patunay ay ang Kanyang walang-laban na pag-aalay ng sarili. Bilang Diyos na ipinako sa krus.

Isang iskandalo. Ngunit para sa atin, ito ang pagkatunaw ng reactor core, kung saan naglalaho ang poot at karahasan. Ang pagkaubos ng dugo ng kapangyarihan ng kasalanan at ng kamatayan.

Nang sumabog ang isang nuclear reactor sa Chernobyl noong 1986, nagbanta ang isang mas malaki pang sakuna. Sa ilalim ng nagbabagang reactor ay may isang tangke na puno ng tubig. Kung umagos doon ang natunaw na core, isang napakalakas na pagsabog ng singaw ang maglalabas pa sana ng higit na maraming radyasyon. Tatlong lalaki ang kusang-loob na nagprisinta. Bumaba sila sa silong na baha at puno ng radyasyon. Doon, binuksan nila sa pamamagitan ng kamay ang mga balbula upang makaagos palabas ang tubig. Hindi nila inaasahang makababalik pa silang buhay. Gayunman, pumunta sila. Para sa Ukraine, para sa Europa. Naiwasan ang sakuna dahil sa kanilang pagsasakripisyo. Nakaligtas silang tatlo.

106. Juan 3:36; Roma 3:5; Efeso 2:3
107. Roma 1:18
108. Roma 2:5, 8; 5:9; Colosas 3:6; 1 Tesalonica 1:10
109. Exodo 34:6; Bilang 14:18
110. Lucas 23:34

Gayon din, sa paraang hindi natin kayang isipin, si Jesus ay naging para sa atin ang mismong sanhi ng sakuna: kasalanan.[111]

Ang masama, dinaig ng mabuti

Kay Cristo nagwawakas ang kasamaan, sapagkat pinapasan Niya ito. Tinitiis Niya ang kasamaan ng mga tao. Ipinapako Siya sa krus sa kahinaan.[112] Ngunit ang kahinaan ng Diyos ay mas malakas.[113] Hindi napawi ng kasamaan ang Kanyang pag-ibig. Dinaig Niya ang masama sa pamamagitan ng mabuti. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa kaaway. Mas malakas ito at nagtagumpay! Nagwala nang husto ang kasamaan, ngunit natalo pa rin. Sa Muling Nabuhay, nananatiling nakaunat ang kamay ng Diyos para sa pakikipagkasundo.

Kay Cristo, sa Kanyang pag-ibig na nag-aalay ng sarili, pinasan ng Diyos ang ating karahasan. Upang tubusin tayo mula sa ating nasira at makasalanang kalikasan at mula sa isang pusong hinubog ng kapangyarihan, paghihiganti at pagganti.

Sa krus, ang Diyos ay naroroon upang magligtas at makipagkasundo.[114] *Sa Ipinako.* Ang Diyos na Tatlo-sa-Iisa – Ama, Anak at Banal na Espiritu – ay lumikha ng walang hanggang kaligtasan sa pamamagitan ng krus.[115] Sa pamamagitan ng dugo ni Jesus naganap ang pag-aalis ng kasalanan. Tinatakpan nito ang ating mga kasalanan.[116] Sa krus, ang kasalanan bilang kapangyarihan ay hinatulan ng kamatayan,[117] upang makapamuhay tayo ng bagong buhay. Upang hindi lamang mapatawad ang ating mga kasalanan, kundi mabali rin ang kapangyarihan ng kasalanan. Upang hindi na nito pangibabawan ang ating buhay.

Ito ang mabuting balita ng krus. Ang Diyos na Tatlo-sa-Iisa ay gumagawa sa krus, sa Kanyang sarili, ng lahat ng kinakailangan – para sa atin!

111. 2 Corinto 5:21
112. 2 Corinto 13:4
113. 1 Corinto 1:25
114. 2 Corinto 5:19
115. Hebreo 9:14
116. 1 Juan 2:2
117. Roma 8:3



Ang walang-hangganang karunungan at kapangyarihan ng Diyos

Ang kadakilaan ng Diyos ay nakikita sa Kanyang kapakumbabaan. Sa isang pag-ibig na naglilingkod at nag-aalay ng sarili. Kapag ang Diyos kay Cristo ay pumupunta sa krus, hindi Siya kumikilos nang salungat sa Kanyang kalikasan. Kumikilos Siya ayon sa kung sino Siya. Mula noong Golgota, may anyo ang Kanyang pag-ibig: ang anyo ng krus. Isang pag-ibig na naghahanap ng mabuti at isinusuko ang sarili. Kung ang krus ang pinakadakilang paghahayag ng Kanyang pag-ibig, kung gayon ay ganito na ang Diyos noon pa man. At ganito Siya magpakailanman.

Sa krus, ipinapakita ng Diyos ang Kanyang karunungan. At mukha Siyang hangal. Sa krus, ipinapakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan. At ginagawa Niya ang Kanyang sarili na walang kapangyarihan. Sa krus, ipinapakita ng Diyos ang Kanyang kagandahan. At hinahayaan Niyang masira ang Kanyang anyo. Sa krus, ipinapakita ng Diyos ang Kanyang pag-ibig. Nakikiisa Siya sa mga bunga ng ating kasalanan. Wala nang mas malayo pa sa Diyos kaysa roon. Doon mismo Siya yumuyuko.


Ang krus ay kapangyarihan ng Diyos.[118] Kamangha-mangha ito. Kapag ipinapakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan, sabi ni Pablo, ganito ang

118. 1 Corinto 1:18

anyo nito: Isinasantabi ni Jesus ang mga karapatang taglay Niya bilang Diyos.[119] Nagiging isa Siyang taong maaaring masugatan. Pinapasan Niya ang pagkakasala at kahihiyan ng mismong mga taong nagpapako sa Kanya sa krus. *Hindi ganito ang ating pag-iisip tungkol sa kapangyarihan. Maging maraming Kristiyano ay hindi ito sineryoso.*

Kapag kapangyarihan ang pinag-uusapan, pamimilit at karahasan ang naiisip natin. Ganyan inilalarawan ng mga tao ang kanilang mga diyos. Ipinapakita ng krus ang kabaligtaran. Ang kapangyarihan ng Diyos sa krus ay isang panliligaw sa ating puso. Sa pamamagitan ng Kanyang lubos na naiibang kalikasan. Sa pamamagitan ng pag-ibig na nag-aalay ng sarili.

Ipinako Siya sa krus sa kahinaan. Ngunit ang kahinaan ng Diyos ay mas malakas kaysa sa lakas ng mga tao.[120] Hindi ayon sa mga batas ng kapangyarihan, kundi ayon sa batas ng pag-ibig! Ng pag-ibig sa kaaway.



119. Filipos 2:6-8
120. 1 Corinto 1:25; 2 Corinto 13:4

Ang ibinibigay sa atin ng krus

Ipinapakita ng krus kung ano ang kaya nating gawing mga tao. Sa ating paghihimagsik laban sa Diyos, sa sinasadya o di-sinasadyang anarkiya ng ating buhay.[121] Kung saan walang lugar ang Diyos. O maliit na papel lamang ang Kanya. *Ngunit maging para sa mga humaharap sa Kanya na parang mga kaaway, ang Diyos, mula sa kaibuturan ng Kanyang puso, ay handang umabot nang ganito kalayo: ibigay ang Kanyang Anak sa kamatayan.*[122] Upang gawing pakikipagkasundo at kapayapaan ang pagkakaaway.

Upang palayain tayo mula sa kamatayan at sa kasalanan, namatay ang tanging Walang-kasalanan at muling nabuhay. Inililipat ng Diyos sa atin ang ginawa ni Cristo. *Ang Kanyang kamatayan ay ating kamatayan at ang Kanyang muling pagkabuhay ay atin. Kasama Niya tayong namatay at muling nabuhay!*[123] Sa krus, nakiisa Siya sa atin. Kaisa tayo ni Cristo. Ang Kanyang kamatayan ay ating kamatayan. Ang wakas ng ating dating buhay na makasalanan at bigo. At ang Kanyang muling pagkabuhay ay ating muling pagkabuhay. Muling binuhay mula sa espirituwal na kamatayan[124] tungo sa bago at walang hanggang buhay. Ang isang bagong simula ay posible lamang sa pamamagitan ng krus, sa pamamagitan ni Cristo.

Kung nais ng Diyos na alisin sa mundo ang kasalanan at ang kasamaan, kailangan sana Niyang alisin sa mundo ang mga tao. Sapagkat ang kasalanan ay hindi isang bahagi natin na maaaring ihiwalay at alisin sa pamamagitan ng operasyon. Tayo ay makasalanan sa buo nating pagkatao. Ngunit hindi nais ng Diyos ang kamatayan ng makasalanan![125] Sa Kanyang kamatayan, namatay ang dati nating buhay na walang Diyos. Inilibing sa Kanyang kamatayan. Muli tayong binuhay tungo sa bagong buhay.

Ang krus – isang kahangalan

Sa krus naghihiwalay ang mga landas. Para sa iba, ito ay kahangalan. Ang isang Tagapagligtas ng daigdig na namatay sa krus sa matinding paghihirap ay hindi makapagdadala ng kaharian ng Diyos o ng kaligtasan. Walang relihiyon sa daigdig na nagdiriwang sa nagtatag nito dahil siya'y namatay nang may kahihiyan.

---

121. 1 Juan 2:15-17; 3:4
122. Roma 5:6-10
123. Roma 6:1-14; Efeso 2:1-10; Colosas 2:11-14; 3:1-4
124. Lucas 15:32
125. Ezekiel 18:23, 32

Ngunit para sa mga sumasampalataya, ito ang pinakadakila: ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos. Para sa kanila, ang krus ay nangangahulugang kaligtasan, pakikipagkasundo, kapatawaran, kalayaan.[126] Ang Diyos lamang ang makagagawa sa tao ng ganitong pagkaunawa sa krus.

Kung wala ang nakagagalit na krus, ang ebanghelyo ay hindi mabuting balita. Kapag kasama lamang ang krus, ito ay kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan. Para sa pagliligtas. Ang Ipinako lamang ang ginawa ng Diyos na ating karunungan, katuwiran, kabanalan at pagtubos![127] Karunungan ng Diyos na sa pamamagitan ng isang kamatayan, ng isang pampublikong pagbitay, ay makalikha ng dakilang kaligtasan:

- *Tagumpay at pagpapalaya, isang paglipat ng kapangyarihan*[128]
- *Pag-aalis ng kasalanan*[129]
- *Pakikipagkasundo*[130]
- *Kapatawaran*[131]
- *Buhay na walang hanggan*[132]
- *Pantubos*[133]
- *Pagtubos*[134]
- *Kagalingan*[135]
- *Ang pinakadakilang patunay ng pag-ibig*[136]
- *Halimbawa*[137]
- *Pagkakaisa*[138]

Kahit para sa mga Kristiyano, kung minsan ay masyadong mataas ang karunungan ng Diyos. Hindi ang mahalaga ay kung ano ang nauunawaan at pinaniniwalaan nila tungkol sa krus. Higit na mahalaga na nagtitiwala sila sa Diyos na sa pamamagitan ng krus ay nagbibigay ng kaligtasan sa sanlibutan. *Hindi ang kaalaman ang nagliligtas, kundi ang pananampalataya na doon ay may Isang nagtuwid ng lahat para sa atin.*

---

126. 1 Corinto 1:18, 23-24
127. 1 Corinto 1:30
128. Gawa 26:18; Colosas 1:12-13; 2:15; Hebreo 2:14-15
129. Roma 3:24-26; 8:3, 32-34; Galacia 3:13; Efeso 5:2; Hebreo 2:17; 1 Juan 2:2; 4:10
130. Roma 5:10; 2 Corinto 5:18-20; Colosas 1:20-22
131. Gawa 2:38; Efeso 1:7; Hebreo 10:18
132. Juan 3:14-16; 6:51-56
133. Mateo 20:28; Marcos 10:45; Gawa 20:28; 1 Corinto 6:20; 1 Timoteo 2:5-6
134. Efeso 1:7; 5:25; Tito 2:14; Hebreo 9:12; 1 Pedro 1:18-19; Pahayag 1:5-6; 5:9
135. Isaias 53:5; 61:1; Lucas 4:18-19, 23
136. Juan 3:14-16; 10:11; 15:13; Galacia 2:20; 1 Juan 3:16; 4:10
137. Efeso 5:2; Filipos 2:5-11; 3:10-11; 1 Pedro 2:21-24; 1 Juan 3:16
138. Juan 11:52; 12:24; Efeso 2:16

Nagtitiwala ba kayo sa Diyos na nakikipagtagpo sa atin sa krus?

Pauwi na

Ang nagtitiwala sa ipinakong si Cristo ay maliligtas. Para sa kanya, nagbabago ang lahat. Bilang nawawalang anak na lalaki o nawawalang anak na babae, tinatanggap siya sa mga bisig ng Ama sa langit. Nagiging anak siya ng Diyos, lalaki man o babae.[139] Sa likod ng krus naghihintay ang dakilang kayamanan ng pagpapala ng Ama.[140] Ibibigay Niya sa atin ang lahat kasama ng Kanyang Anak.[141] Sa pamamagitan ng krus, ibinabalik tayo ni Jesus sa Diyos.[142] Pabalik sa puso ng Ama.[143] Pabalik sa pakikisama sa Kanya.[144]

Kusang-loob Niyang kinuha ang ating lugar. Kasama ang lahat ng kahihinatnan. Sapagkat ang sahod, ang bunga ng ating kasalanan, ay kamatayan.[145] Kaya namatay ang Matuwid para sa mga di-matuwid. Bilang ating kahalili.

Nakauwi na ba kayo? Nag-aalinlangan pa ba kayo? Araw-araw ay tumatanaw ang Ama sa malayo, hinahanap kayo. Hinihintay Niya kayo!

Ang ebanghelyo ng biyaya ng Diyos

Kaya pa ba ninyong basahin nang paulit-ulit na tayong lahat ay makasalanan? Hindi ba makatwirang magalit dito? Maniwala kayo sa akin: Hindi layunin nito na siraan tayo. Ang Bibliya ang gumagawa ng diyagnosis na ito. Katotohanan ang sinasabi nito. *At ang katotohanan ang nagpapalaya sa atin.*

Ang pagkilala at pagsang-ayon na tayo'y makasalanan ay nangangahulugang: Lubusan nating sinira ang lahat. Hindi na ito maaayos. Walang labasan. Mabigat ang ating kalagayan. Hindi tayo makatatakas sa kamatayan. Kung kinailangan ang krus sa Golgota at ang kakila-kilabot na kamatayan ni Jesus upang palayain tayo mula sa ating kalagayan, kung gayon ay maiisip natin nang kaunti kung gaano kapahamak ang ating kalagayan. Tinitiyak ko sa inyo, mauunawaan lamang ninyo ito kapag nakilala na ninyo ang Tagapagligtas. Kapag nasa ligtas na panig na kayo.


---

139. Roma 8:14, 19, 29; Galacia 4:6
140. 2 Corinto 8:9
141. Roma 8:32
142. Hebreo 10:19-22; 1 Pedro 3:18
143. Lucas 15:11-24; Efeso 2:13, 18
144. 1 Juan 1:3-4, 7
145. Roma 6:23

Marahil ay alam ninyo ang kuwento ng mangangabayo na tumawid sakay ng kabayo sa nagyelong Lawa ng Constance (Bodensee). Nang hindi niya alam.[146] Pagdating niya sa kabilang pampang ng lawa, sinabi sa kanya kung saan siya nanggaling. Sa matinding takot, bumagsak siya. Napagtanto niya ang panganib ng kamatayan sa nagyelong lawa. Ganyan mismo ang kalagayan kapag nabubuksan ang langit para sa isang tao at nagliliwanag sa kanyang puso ang biyaya ng Diyos. Kapag naririnig niya ang mga salita: *Iniligtas sa pamamagitan ng biyaya!*[147] Lumilingon siya at itinatanong: Nasaan ako noon? Sa ibabaw ng isang bangin! Nasa panganib ng kamatayan. Ang pinakahangal na maaari kong gawin. Nakatakda akong mapahamak, at ngayon ay ligtas na ako. Itatanong ninyo: Talaga bang nabubuhay tayo sa ganito kalaking panganib? Oo, nabubuhay tayo sa bingit ng kamatayan, nakatakdang mapahamak.

May kaligtasan: Tumingin kayo sa ating Manunubos! Doon sa krus! Pasan ang inyong mga kasalanan. Ang ating nawala at nasayang na buhay ay ipinako sa krus kay Cristo. Upang tayo'y makalaya rito. Ang hindi nayanig sa balitang ito ay hindi pa nakauunawa sa Salita ng Diyos. Hindi ang napapahamak, kundi ang naligtas ang makauunawa na siya ay makasalanan. *Ang pagkaunawa na tayo'y makasalanan ay nagiging kagalakan ng kaligtasan kapag ang biyaya ng Diyos ay di-inaasahang pumasok sa puso ng isang tao.*

146. Ayon sa balada na "Der Reiter und der Bodensee" ni Gustav Schwab (1826).
147. Efeso 2:1-10



Ang katotohanan tungkol sa ating sarili at ang biyaya ng Diyos ang nagpapalaya sa atin![148] Marahil ay alam ninyo ang awit at gusto ninyo ang himig nito. Ngunit pakinggan ninyong mabuti ang mga salita nito, na tumpak na nagbubuod sa ating paksa:

Amazing Grace how sweet the sound! That saved a wretch like me! I once was lost, but now am found; Was blind but now I see.

Kamangha-manghang biyaya, kay tamis ng tunog, na nagligtas sa isang hamak na gaya ko! Ako'y naligaw noon, ngunit ngayo'y natagpuan na, ako'y bulag noon, ngunit ngayo'y nakakakita na.

Ito ang unang saknong ng awit. Isinulat ang awit ng isang dating mangangalakal ng alipin (John Newton, 1779) na nakatagpo kay Cristo bilang kanyang Manunubos. O mas mabuting sabihin, na natagpuan ni Cristo.

148. Juan 8:32

Biyaya mula simula hanggang wakas

Nagsalita si Jesus ng mga salita ng biyaya.[149] Hindi mga salitang humahatol at nagwawasak. Kundi mga salitang nagbabangon, nagpapalakas ng loob, nagbibigay ng kapatawaran. Kaya ang ebanghelyo ay hindi maaaring maging iba kundi mabuting balita ng biyaya.[150] *Ang biyaya ay ang pagbaba at paglapit ng Walang Hanggan sa ating mga tao, kahit tinalikuran natin Siya.* Biyayang hindi maaaring pilitin, kundi malaya at kusang-loob na ibinibigay.

Ang biyaya ang nagligtas sa atin. Wala tayong maiaalok sa Diyos. Sapagkat wala tayong kakayahang magbayad sa pinsala. Ang tanging magagawa natin ay kilalanin at tanggapin kung sino tayo. At kung sino ang Diyos. *Ang kilalanin ang katuwiran ng Diyos ay nangangahulugang hindi tayo matuwid.*

Ang Diyos ang matuwid na Hukom.[151] Sa ating sistema ng batas ngayon, hinahatulan ng mga hukom ang mga paglabag sa batas at nagpapataw sila ng parusa at multa batay sa mga batas. Ngunit ang mga krimen ay hindi tuwirang laban sa hukom. Iba sa Diyos: Laban sa Kanya, sa ating Manlilikha – na Siya ring ating Hukom – tayo nagkasala.[152] Ano ang dapat nating asahan?[153]

Ngunit ang Hukom mismo ang gumawa ng lahat upang iiwas tayo sa kahatulan.[154] *Sa Kanyang pag-ibig at nagliligtas na katuwiran, nakipagtagpo Siya sa atin kay Jesus. Sa Kanyang buhay at sa Kanyang kamatayan.* Ang Kanyang handog sa krus, ang dugo ni Jesus, ay tumatakip sa ating kasalanan magpakailanman.[155] May bisa ito para sa lahat ng umaangkin sa ebanghelyo para sa kanilang sarili at sumasampalataya[156] sa ginawa ng Diyos para sa kanila.[157]

Iyan ang biyaya ng Diyos.[158] Kapag inilalayo sa atin ang isang makatarungang kahatulan. Sapagkat may ibang pumapalit sa ating lugar. Pinapasan Niya ang ating mga kasalanan at ang ating makasalanang

149. Lucas 4:22
150. Gawa 20:24
151. Gawa 10:42; 17:31; Roma 2:3, 16; 3:6; 14:10; 2 Timoteo 4:1; Hebreo 10:30; 1 Pedro 1:17; 4:5; Pahayag 11:18; 20:12
152. Roma 3:23
153. Lucas 18:13
154. Juan 3:17
155. 1 Juan 1:7; Pahayag 1:5-6; 5:9-10; Hebreo 9:12-15
156. Roma 1:16
157. Roma 5:8-10
158. Juan 1:14-17; Roma 5:9, 15; 2 Corinto 8:9; Efeso 1:7; 2:5, 13; Tito 2:11

pagkatao at dinadala ang mga ito sa Kanyang kamatayan.[159]

Ang biyaya ay ang pagtanggap din ng isang bagay na hindi natin karapat-dapat tanggapin. Isang biyayang nagbibigay pa sa atin ng higit, higit pang marami, kahit hindi natin ito karapat-dapat.[160] Iyan ang Diyos[161] na ipinangangaral sa ebanghelyo ng biyaya.[162]

Ang *ebanghelyo ng biyaya* ay naiiba sa lahat ng relihiyon. Pati sa relihiyong Kristiyano. *Ang biyaya ang wakas ng lahat ng relihiyon.* Kung saan obligado ang tao na gumawa ng mabuti. Obligadong magpakita ng nagawa upang gantimpalaan ng kaligtasan o ng buhay na walang hanggan. Kay Jesus, natupad para sa atin ang gawaing ito. Kay Jesus, ibinibigay sa atin ang lahat. Hindi natin ito kaya sa sarili nating lakas. *Ang biyaya ay walang bayad, malaya ito at hindi maaaring pagtrabahuhan.* Ang ilan ay hinahadlangan ng sarili nilang pagmamataas, na kadalasa'y hindi nila namamalayan. Mahirap tanggapin nang may pananampalataya ang dakilang kaloob na ito ng biyaya. Nababad tayo sa prinsipyo ng pagpapakita ng nagawa. Isang malaking pagsulong, isang paglaya, kapag tinatanggap ng isang tao ang biyaya at hindi na nagtitiwala sa kanyang sarili at sa kanyang nagawa. At hindi na ipinagmamalaki sa harap ng Diyos at ng tao ang mababuting nagawa niya.

> *Ang ebanghelyo ay walang katulad. Isa itong iskandalo. Kabaligtaran ng lahat ng relihiyon at ng lahat ng alok ng kaligtasan. Ipinapahayag nito: Lahat ay makasalanan. Isang Ipinako sa krus ang ating kaligtasan. Ang pagtubos ay makukuha lamang bilang kaloob ng biyaya na hindi pinagtrabahuhan. Walang bayad. Iyan ang karunungan ng Diyos.*

Hindi lamang tumatanggap ng biyaya ang isang tao sa sandaling una siyang humingi nito sa Diyos. Mula noon, sinusundan siya ng biyaya sa bawat oras ng kanyang buhay. Ang biyaya ay tatak ng Kristiyanismo. Kung wala ito, walang anumang magagawa. Pinupuno at pinalilibutan ng biyaya ang pagsunod kay Jesus mula sa lahat ng panig. Ang biyaya ang pumapasan sa atin. Hindi ang mga hinihingi ng isang batas o ng isang malupit na amo ng mga alipin. Ang biyaya ay hindi humihingi, ibinibigay nito ang sarili. Ang pagsunod kay Jesus ay umaandar dahil sa biyaya. Bilang mga binigyan at patuloy na tumatanggap. Pinalilibutan ng biyaya ang simula at ang huling araw ng pagsunod kay Jesus. Kung wala ito, hindi maiisip ang katapatan at ang pagsunod kay Jesus.

---

159. 1 Tesalonica 5:10; Tito 2:14; 1 Juan 2:2; 3:16; 4:10; 1 Pedro 2:24; 3:18
160. Lucas 15:22; Efeso 2:7
161. 1 Pedro 5:10
162. Mikas 7:18



Ang Diyos ay pag-ibig

Kanino masasabi na ang buo niyang pagkatao ay pag-ibig? Radikal, di-makasarili at mapagsakripisyong pag-ibig. Nakatagpo na ba kayo ng ganitong tao? Ako ay hindi pa, kahit may kilala akong mababuti at huwarang kapwa.

Sa Diyos ito sinasabi. *Kay Jesus, mayroon tayong patunay na tunay na umiiral ang pag-ibig na ito na lampas sa daigdig, mula sa itaas ng daigdig at walang hanggan. At na ipinakita nito ang sarili sa ating daigdig. Karapat-dapat ba tayong makilala ang ganitong Diyos?*

Kanina ay pinag-usapan natin ang biyaya ng Diyos. Siya ay mapagbiyaya. Isang katangian ng Diyos na nangangahulugang kaligtasan natin! Ngunit bakit Siya mapagbiyaya? Sapagkat Siya ang pag-ibig mismo.[163] Ang bukal ng biyaya ay ang Kanyang pag-ibig, na dumadaloy sa atin gaya ng isang ilog, at tumitigil lamang kapag naabot na nito ang pinakamababang punto.

Noon pa man ay pag-ibig na Siya. Ang pag-ibig ay may kaharap upang makaibig. Inibig ng Ama ang Anak[164] bago pa nagkaroon ng sansinukob. Sa

163. 1 Juan 4:7-11
164. Juan 17:24

walang hanggang pag-ibig na nakaharap sa isa't isa, naroon ang Ama, ang Anak at ang Espiritu, ang Diyos na Tatlo-sa-Iisa. Walang simula. Hindi Siya kailanman nag-iisa o malungkot. Higit Siya at mas dakila kaysa sa kaya nating isipin. *Gayundin ang Kanyang pag-ibig.*

Kung ipagpapalagay natin na ang lalim ng pag-ibig ng isang tao ay masusukat sa kung ano ang handa niyang isakripisyo para sa kanyang minamahal, kung gayon ang pag-ibig na nahahayag sa kuwento ng ebanghelyo ay walang kapantay. *Ito ang kuwento ng isang Diyos na, dahil sa di-maarok na pag-ibig, ay handang umabot hanggang sa sukdulan.* Upang iligtas at ibalik sa dati ang mga taong ginawa ang kanilang sarili na mga kaaway ng Diyos.

Dahil sa pag-ibig sa atin, umabot ang banal na Diyos hanggang sa sukdulan. Pinasan ng Anak ang ating kasalanan.[165] Naranasan Niya ang pagiging pinabayaan ng Diyos, na nakapaloob sa kasalanan. Kaya sumigaw si Jesus sa krus: *Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan?*[166] Hindi na makaaabot pa nang mas malayo ang Diyos. Hindi na Siya makapagbibigay nang higit pa kaysa sa Golgota. *Kaya ang krus ang pinakadakilang paghahayag ng Diyos.* Walang kuwentong nagsasalaysay tungkol sa isang umiibig na nagbibigay nang higit pa. At iyon ay para sa mga taong hindi karapat-dapat dito.[167]

Paano mauunawaan o maipapaliwanag ang pag-ibig na ito? Madalas gamitin ng ating lipunan ang salitang ito. Halos sobra-sobra na. Ngunit ano ba talaga ang ibig sabihin nito? Pag-ibig na tumatanggap sa bawat isa kung ano siya. Walang kondisyon. Pag-ibig na hindi humuhusga at hindi humahatol. Na pinapayagan ang lahat, na naghahanap ng pagkakasundo. Walang inaasahan. Romantiko at sentimental.

Tugma ba ang paglalarawang ito sa konsepto ng pag-ibig sa Bibliya?

Ipagpalagay nating ganito nga. Pababayaan ng Diyos ang lahat ng ginagawa ng tao. Hindi Siya pupuna at hindi hahatol. Saan hahantong iyon, at gaano kamapagmahal sa katotohanan ang ganitong pag-ibig?

Kung naniniwala ang isang tao na tinatanggap tayo ng pag-ibig ng Diyos kung ano tayo, nakalilimutan niyang tayo ay mga makasalanan. Nakalilimutan niyang hindi tayo namumuhay ngayon ayon sa nais ng Diyos at sa pinakamabuti para sa atin. Ilagay ninyo ang inyong sarili sa kalagayan ng isang magulang. Marahil kayo ay isang ina o ama. Isipin ninyo ang inyong anak na nasa hustong gulang na. Gumagawa siya ng mga bagay na

165. 2 Corinto 5:21
166. Marcos 15:34
167. Roma 5:8

hindi mabuti. Mga bagay na nakapipinsala sa kanyang sarili at sa iba. Bukod dito, pinutol na niya ang ugnayan sa inyo. Kinapopootan niya kayo at pinararatangan kayo nang walang batayan.

Anak pa rin ninyo siya. Hindi kayo tumitigil sa pagmamahal sa kanya. Ngunit tinatanggihan ninyo ang masama sa kanyang buhay. Galit kayo at nalulungkot na ganoon ang kalagayan. Hinding-hindi ninyo sasang-ayunan ang masama. Kahit sa ating karanasan bilang tao, ang pag-ibig at ang pagtanggi ay sa paanuman magkaugnay. *Ang pag-ibig mismo ang tumatanggi at humahatol sa masama.*

Masasabi ba natin na kailangan tayong tanggapin ng Diyos kung ano tayo, upang manatili tayo kung ano tayo? Talaga bang dapat tanggapin ng Diyos ang ating pamumuhay, kahit nagdurusa o napipinsala dahil dito ang iba?

Bilang mga taong may hangganan at sa maraming paraan ay hindi malaya, nananabik tayo sa isang daigdig kung saan karaniwan ang kapayapaan at katarungan. *Gaano kaya, sa palagay natin, ang pananabik dito ng Isang lumikha ng lupa at ng mga tao? Kung hindi nagagalit ang Diyos sa pagkapoot, sa kawalang-katarungan, sa karahasan at sa kahabag-habag na kalagayang idinudulot ng kasalanan sa mga taong nilikha ayon sa Kanyang larawan, hindi Siya isang Diyos na umiibig*. Isa lamang Siyang walang-pakialam na manonood. Kung hindi hahatulan at huhukuman ng Diyos ang kasalanan, ang kasamaan ng mga tao, kung gayon ay tatanggapin, ipagpapaumanhin at pahihintulutan Niya ito. *Ang Kanyang tugon sa mapangwasak na kapangyarihan ng kasalanan ay laging poot at paghatol.*

Ang pag-ibig ng Diyos ay isang *banal na pag-ibig*. Iba ito sa madalas nating pagkaunawa rito. Ito ay maka-Diyos, walang hangganan, walang kondisyon. Ito ay dalisay. Hindi isang walang-ginagawa, romantiko at sentimental na pag-ibig, kundi isang matatag ang kaloobang pag-ibig ng Tagapagligtas.

Hindi inaalis ng pag-ibig ng Diyos ang Kanyang poot at ang Kanyang paghatol. Salamat sa Diyos. Hindi tayo binibigyan ng isang mabait na Diyos na tumatanggap sa atin kung ano tayo dahil kailangan Niyang masiyahan doon. Nais tayong baguhin ng Diyos ng Bibliya, ilabas tayo sa pamamagitan ng pag-ibig, ilapit tayo sa Kanyang sarili. *Iniibig Niya ang makasalanan bago pa ito magbago. Iniibig Niya ito sa gitna mismo ng kasalanan nito.*[168] Ngunit nais Niya itong baguhin, pabanalin, gawing kawangis ni Jesus.

168. Juan 3:16; Roma 5:8; 2 Corinto 5:14; Efeso 2:4-5; Tito 3:4-5; 1 Juan 4:7-10



Ang di-nakikitang daigdig – mga kapangyarihan ng kadiliman

Balikan nating muli ang pagpapako sa krus. May malaking bahagi rin dito ang mga di-nakikita at masasamang kapangyarihan. Nakaharap na ni Jesus ang mga ito habang Siya'y nabubuhay. Bilang ang malakas na Tagapagpalaya![169] Ang mga demonyo, ibig sabihin ay maruruming espiritu, ay pinalayas Niya at pinatakbo. Sa gayon, ipinahayag Niya na nagwawakas na ang kanilang kapangyarihan. Ang ebanghelyo ay may tiyak na kinalaman sa mga kapangyarihang ito. Higit pa sa inaakala ng marami.

Sino ang mga kapangyarihang ito at bakit nila ninais ang kamatayan ni Jesus? Bago likhain ang lupa at ang mga tao, lumikha ang Diyos ng mga anghel.[170] Kung minsan ay tinatawag silang mga anak ng Diyos.[171] *Ito ang Kanyang makalangit na pamilya. Iba't ibang anghel sa iba't ibang hirarkiya, na may iba't ibang gawain. Para sa Kanyang sarili sila nilikha ng Diyos, upang kasama nila ay pamahalaan ang sansinukob. Sila ang Kanyang mga lingkod.*[172]

Gaya nating mga tao, mayroon din silang kalayaang maging tapat sa kanilang Manlilikha. Iba ang pinili ng isang bahagi ng mga anghel. Isang pag-iral na walang Diyos.[173] Ang kanilang pinuno ay ang diyablo, si Satanas.[174] Nang maganap ang rebolusyong ito sa di-nakikitang daigdig, hindi sila nilipol ng Diyos. Mula noon, ang mga anghel at mga anak ng Diyos na ito, sa

169. Marcos 3:27
170. Job 38:4-7; Awit 148:2, 5; Colosas 1:16
171. Job 1:6; 38:7; Awit 82
172. Awit 104:4; Daniel 6:22; Mateo 1:20, 24; 16:27; Lucas 2:13; Gawa 8:26; 10:7; 12:8; Hebreo 1:7; 13:2
173. 2 Pedro 2:4; Judas 1:6
174. Mateo 25:41; Efeso 2:2; 1 Juan 3:8; Pahayag 12:7-9

pamumuno ni Satanas, ay kumikilos laban sa lahat ng ginagawa ng Diyos.[175] Kaharap nila ang mga anghel na nanatiling tapat.[176]

Ang mga kapangyarihan at ang mga tao

Pagkatapos likhain ang tao, ang manunukso at mamamatay-tao[177] ay kaagad na lumitaw.[178] Si Satanas, ang matandang ahas,[179] ay tinukso ang mga unang tao na huwag nang magtiwala sa Diyos at pagdudahan ang Kanyang kabutihan.

Nainggit si Satanas sa mga taong nilikha ayon sa larawan ng Diyos. Pagwasak lamang ang nais niya. Hadlangan na magkaroon ang Diyos ng isang pamilya ng mga tao sa lupa. Nais niyang maging kanya ang mga tao. Hindi bilang isang mabuting ama, kundi bilang isang amo ng mga alipin at isang malupit na pinuno. Nagtagumpay ang pagnanakaw na ito. Mula sa pangyayari sa halamanang paraiso, wala na ang tao sa piling ng Diyos.[180]

Sa pag-unlad ng kasaysayan ng sangkatauhan, makikita ang impluwensiya ng mga di-nakikitang kapangyarihang ito. Hindi ito maikakaila sa di-mabilang na pagsamba sa diyus-diyosan ng lahat ng bansa, at sa ilang lugar hanggang ngayon.[181] *Nililinaw ng Bagong Tipan na ang mga taong walang Diyos at hiwalay sa Diyos ay nasa espirituwal na pagkabihag at pagkagapos ng diyablo.*[182] *Sa panlabas, hindi ito nakikita. Hindi ito namamalayan ng mga tao mismo. Pakiramdam nila ay malaya sila.* Kung magkakaroon lamang sila ng pagkakataong sumulyap sa di-nakikitang daigdig na nakapaligid sa atin at nasa gitna natin, mabubuksan ang kanilang mga mata. Nadidiliman ang kanilang pag-iisip tungkol sa Diyos, sa kanilang sarili at sa ebanghelyo.[183] Ang daigdig ay talagang kaharian pa rin ni Satanas.[184] Tinatawag siya ni Jesus na prinsipe ng sanlibutang ito.[185] Tinatawag pa nga siya ni Pablo na diyos ng sanlibutang ito.[186] May malaki siyang kapangyarihan at mapangwasak na impluwensiya sa mga pangyayari sa daigdig. Kung hindi ganito, halos hindi

175. Roma 8:38; 2 Corinto 11:14; 12:7; Efeso 6:10-17; Pahayag 12:13; Pahayag 13
176. 1 Timoteo 5:21; Pahayag 5:11; 7:11; 12:7
177. Juan 8:44; 1 Juan 3:8, 12
178. Genesis 3:1-7; 2 Corinto 11:3-4
179. Pahayag 12:9
180. Genesis 3:23-24
181. 1 Corinto 10:20-22
182. Gawa 26:18; Efeso 2:1-3; Colosas 1:13
183. 2 Corinto 4:3-5
184. Mateo 4:8-10
185. Juan 12:31; 14:30; 16:11
186. 2 Corinto 4:4

maipaliliwanag ang kalagayan ng daigdig. Ang katotohanang ang tao mismo ay masama ang lalong nagpapalala at nagpapawala ng labasan.[187]

Inakala ba ninyo na ganito katotoo ang di-nakikitang daigdig? At na ganito kalaki ang kinalaman nito sa atin?

Ang ebanghelyo at ang mga kapangyarihan

Nang dumating si Jesus, pumasok ang kaharian ng Diyos sa daigdig, ang nasasakupan ng masasamang kapangyarihan. Iyon ang simula ng wakas ng diyablo at ng kanyang mga anghel. Kumilos ang dakilang plano ng Diyos. Nang naglalakbay si Jesus sa Galilea, alam ng mga demonyo kung sino ang kanilang kaharap.[188] Di gaya ng mga tao. Kilala nila Siya mula sa di-nakikitang daigdig. Siya ang kanilang Manlilikha.

Kaagad pagkatapos ng bautismo ni Jesus, hinarap Siya ni Satanas sa ilang upang tuksuhin. Inalok niya sa Kanya ang mga kaharian ng sanlibutan kung sasambahin siya ni Jesus. Hinahanap ni Satanas ang sarili niyang karangalan, ang pagsamba sa kanya. Iyan ang kanyang kalikasan.[189] Ngunit nilabanan siya ni Jesus. Di gaya ni Adan sa Eden.[190]

Binigyan din ni Jesus ng kapangyarihan ang Kanyang mga alagad na magkaroon ng awtoridad sa mga demonyo at palayasin ang mga ito.[191]

Hindi, hindi ito mga kuwentong katatakutan, hindi lamang mga penomenong sikolohikal, kundi katotohanan ng pang-araw-araw na buhay. Doon nagpapakita ang ganitong mga kapangyarihan. Lalo na kung saan aktibong binubuksan at isinusuko ng tao ang kanyang sarili sa mga ito.

Ang mga kapangyarihan at ang plano ng Diyos para sa kaligtasan

Ang plano ng Diyos para sa kaligtasan ay hindi alam ng diyablo at ng mga tao. Sa kabila ng maraming propesiya ng Lumang Tipan, mahirap itong makilala.[192] Hindi rin ito naunawaan ng mga alagad. Ang paglitaw ng Anak ng Diyos bilang tao, walang kapangyarihan, walang trono, ay nakalito sa mga kapangyarihan. Sa ganitong kalagayan, ang tanging nagagawa nila ay

187. Marcos 7:20-23
188. Marcos 1:23-24; 3:11; 5:7
189. Mateo 4:1-11; Lucas 4:1-13
190. Roma 5:12-21
191. Marcos 6:7
192. 1 Corinto 2:6-9

manipulahin ang mga tao upang patayin si Jesus.[193] Sapagkat bilang tao, maaari Siyang masugatan at mamatay. Kaya iisa lamang ang kanilang layunin: ang Kanyang kamatayan. Nakamit nila ito! Ngunit nalinlang sila. Sapagkat ang Kanyang kamatayan ay ang Kanyang tagumpay.[194] Ang Kanyang kamatayan ay isang paglipat ng kapangyarihan sa buong sansinukob para sa ating mga tao.

Ang Kanyang kamatayan ang pantubos upang palayain ang mga tao mula sa kapangyarihan ng kadiliman. Nagdala ang Kanyang kamatayan ng biyaya at kapatawaran sa mga tao. Paglaya. Ang pamilihan ng mga alipin noong panahong iyon ang larawan nito. Ang pagtubos ay nangangahulugang binili mula sa pagkaalipin at pinalaya. Ang Kanyang muling pagbuhay at pagtataas sa trono ng Diyos ang pintuan patungo sa kalayaan mula sa pagkaalipin sa kasalanan, sa kamatayan at sa diyablo.

Kailangan natin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan at ang paglaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Pareho itong ibinibigay sa atin sa pamamagitan ng krus.

Walang alam na biyaya ang diyablo. Hindi niya mismo nararanasan ang biyaya ng Diyos,[195] at sa mga tao ay wala siyang ipinapakitang biyaya. Banyaga ito sa kanyang kalikasan. Lubusan siyang pinapait ng kanyang paghihimagsik laban sa Diyos.

Ngayon, may isang Tao na nakaupo sa trono ng Diyos. Para sa ating mga tao. At kaisa tayo Niya.[196] Tayo ay nasa kay Cristo![197] Natalo na ang mga kapangyarihan. Tapos na ang kanilang panahon. Bilang na ang kanilang mga araw. Ngunit lumalaban pa sila at nakikipaglaban sa isang talunang laban upang pigilan ang ebanghelyo. Araw-araw nakikita ng mga kapangyarihang ito kung paano pinalalaya ang mga tao. Ang bawat sumasampalataya sa ebanghelyo ay nagpapaalala sa kanila na makararating sa layunin nito ang plano ng Diyos para sa kaligtasan. *Magkakaroon ang Diyos ng Kanyang pamilya mula sa lahat ng bansa sa lupa.* Sa pamamagitan ni Jesus, na sa Kanyang kamatayan ay may malaki silang bahagi. Wika nga, sa Golgota, kung saan namatay si Jesus, hinukay nila ang sarili nilang libingan nang hindi nila alam.

Ang sulat-utang, ang sakdal, na pinanghahawakan ng mga kapangyarihang kaaway ng Diyos at ng tao, ay ipinako sa krus at binura

193. Lucas 22:53
194. Hebreo 2:14
195. Hebreo 2:16
196. Efeso 2:6
197. Roma 8:1; 1 Corinto 1:30

na.[198] Sa pamamagitan ng krus, inalisan Niya ng sandata ang mga kapangyarihan at inilantad sila roon sa kahihiyan. Si Cristo, ang Muling Nabuhay, ay Panginoon na ngayon ng sansinukob.[199] *Ang mabuting balita ay: Siya ay Panginoon ng lahat ng tao at ng lahat ng bagay. Ang sumasampalataya kay Cristo ay malaya na.*[200] *Umuuwi siya sa kaharian ng Diyos.*

Ang ebanghelyo ay ang mabuting balita ng Diyos na binabawi Niya ang Kanyang mga tao at nais Niyang magkaroon ng Kanyang pamilya. Pinalaya mula sa kamatayan at sa masasamang kapangyarihan. Ito ang Masayang Balita na sa pamamagitan ng kamatayan sa krus ay ginawang posible ni Jesus ang lahat ng ito. Dumating si Jesus upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.[201] Kasama Niya dumating ang pamamahala ng Diyos, isang pamamahala ng pag-ibig. Inililigtas tayo at inililipat sa Kanyang kaharian ng pag-ibig.[202]

Ang tagumpay ng krus

Sa isang marangal na parada ng tagumpay pumapasok sa Roma ang mga Romanong heneral. Kasama nilang dinadala ang mga natalong pinuno na nakakadena. Bago sila bitayin, ipinaparada sila sa harap ng publiko. Ganito inilalarawan ni Pablo ang di-mapaglabanang kapangyarihan ng krus sa mga pamunuan at mga kapangyarihan mula sa nasasakupan ng prinsipe ng sanlibutang ito.[203] Inalisan ng sandata at inilantad sa kahihiyan. Wala na ang kanilang lakas.

Pinalalaya tayo ng Ipinako mula sa mga mahiwagang puwersa ng di-nakikitang daigdig na nasa pagitan. Nahatulan na si Satanas. Nabali na ang kanyang kapangyarihan. Wala na siyang kapangyarihan sa mga tao ni Jesus.

Ang plano ng Diyos para sa kaligtasan ay gaya ng isang matagal na laro ng ahedres. Hindi tiyak ang kalalabasan hanggang sa gumawa ang isa sa mga manlalaro ng isang tira na alam ng dalubhasa na nagpapasya na sa laro. Kahit nagpapatuloy pa ang paglalaro. Ganyan ang labanan ng liwanag at kadiliman. Nagawa na ang mapagpasyang tira gamit ang Hari. Ang Haring may koronang tinik sa krus ng Golgota. Naganap na ang tagumpay.

198. Colosas 2:14-15
199. Mateo 28:18
200. Juan 8:33-36; Roma 6:7, 18, 22
201. 1 Juan 3:8
202. Colosas 1:13-14
203. Colosas 2:15

Ang mga gawain ng kalaban ay isa na lamang labanan habang umaatras. Kaunti na lamang ang natitira niyang panahon. Napagpasyahan na ang kanyang wakas.

Ang pasakit ng krus ay nagiging tagumpay ng krus!

Posible ang kalayaan

Kaya makatiyak kayo: Kung kayo ay kay Jesus, kailangang tumakas ng mga demonyo! Kung nakisangkot kayo sa pangkukulam at okultismo, sa mga espiritu at mga anghel, may kalayaan. At kapatawaran.

Ayaw kayong bitawan ng mga kapangyarihang ito, at nais nilang sugpuin sa simula pa lamang ang bawat pagtatangka ninyong makalaya. Manalangin kayo kay Jesu-Cristo – isigaw ninyo ang Kanyang pangalan! Humanap kayo ng mga Kristiyanong mananalangin para sa inyo at tutulong sa inyo.

Itakwil ninyo nang malakas, upang marinig, ang lahat ng nag-uugnay sa inyo sa okultong daigdig na ito.

Itapon ninyo ang lahat ng nag-uugnay sa inyo sa mga mahiwaga at okultong bagay na ito. Putulin ninyo ang anumang ugnayan sa mga taong nagpasok sa inyo sa ganitong mga gawain at ugnayan.

Ang di-nakikitang daigdig ay isang makapangyarihang katotohanan na hindi dapat maliitin. Ngunit mas malakas si Jesus.

Ang ebanghelyo ng kapayapaan

Naranasan ni Pedro kung paano ipinangaral ng kanyang Guro ang kapayapaan.[204] Nagdala si Jesus ng kapayapaan para sa mga Judio at para sa mga bansa, ang mga hindi Judio. At sa pagitan ng dalawang ito. Ang kapayapaan ay isang sentral at mahalagang aspekto ng ebanghelyo.[205] *Ito ang shalom ng Diyos. Ganito ang salita sa Bibliyang Hebreo. Malaki at maluwag ang puso ng Diyos. Mula sa pusong ito nagmumula ang kapayapaan. Ang ibig sabihin nito ay pagiging buo, pagiging malusog, pagiging ganap, pagiging ligtas. Dinadala ng ebanghelyo ang mga tao sa kapayapaan sa Diyos.*[206] *Ibig sabihin nito ay pakikipagkasundo sa Diyos at ang wakas ng lahat ng pagkakaaway.*[207]

Dinadala ng ebanghelyo ang tao sa katiyakan na tinanggap siya ng Diyos bilang Kanyang anak. Ang katiyakang ito ay nakaangkla sa Diyos. Sa kung

204. Gawa 10:36
205. Colosas 1:20; Efeso 2:17; 6:15
206. Roma 5:1
207. Roma 5:10; 2 Corinto 5:18

sino Siya at sa Kanyang ginawa. Sa saligang ito lumalaganap sa puso ang isang tunay at nananatiling kapayapaan. Katahimikan sa halip na pagkabalisa. Kapayapaan sa halip na alitan at takot.

Ang ating daigdig na puno ng digmaan at away, malaki man o maliit, ay nangangailangan ng kapayapaan.[208] Hindi lamang ang kawalan ng digmaan, hindi lamang tigil-putukan, kundi kapayapaang nagbubuklod at nagpapaisa sa mga tao.[209] Lumilikha ang ebanghelyo ng kapayapaan sa pagitan ng mga tao. Lumilikha ito ng isang bagong samahan ng mga tao kung saan naghahari ang kapayapaan.[210] Maaari kayang ang pangangaral ng krus, kung saan minsan at magpakailanman ay sinipsip ng Diyos ang karahasan ng tao, ang susi sa kapayapaan ng daigdig? At una sa lahat, sa loob mismo ng simbahan?

Kung nais malaman ng mga tao kung ano ang kapayapaan, dapat nila itong makilala sa mga tumanggap ng kapayapaan ng Diyos sa pamamagitan ng ebanghelyo. At nagpapasinag nito. Nagpapasa nito sa iba. Mga tagapamayapa sila. Hangga't maaari,[211] namumuhay sila nang payapa sa bawat tao.

Sa pamamagitan ni Jesus, ang lahat ng bagay ay ipinakipagkasundo sa Diyos at muling inilagay sa tamang kaugnayan sa Kanya. Sa pamamagitan ng halaga ng Kanyang dugo. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa Golgota. Kinailangan ang krus upang maging katotohanan ang kapayapaan sa Diyos at ang kapayapaan ng Diyos.[212]

Paano ninyo naranasan ang kapayapaang ito? Ano ang binago nito sa inyo, sa inyong mga ugnayan?

Ang ebanghelyo – natupad na pangako

Ang ebanghelyo ay hindi isang gulat o desperadong tugon ng Diyos sa kasaysayan ng sangkatauhan na nawala sa kontrol. Nagmumula ito sa puso ng Diyos at ipinangako bago pa ang walang hanggang mga panahon.[213] Kaya hindi nakapagtataka na malalim na itong nakaugat sa Bibliyang Hebreo, ibig sabihin, sa unang bahagi ng Bibliya, ang Lumang Tipan. Doon ito ipinangako.[214] Inilalarawan doon kung paano papalapit ang kasaysayan ng

208. Tito 3:3
209. Mateo 5:44; 1 Juan 4:19
210. Efeso 2:14-22
211. Roma 12:18
212. Colosas 1:20
213. Roma 16:25-27; 2 Timoteo 1:9; Tito 1:2
214. Roma 1:1-3; Galacia 3:14-16

pagliligtas ng Diyos sa puntong tinatawag nitong *kaganapan ng panahon*. Ang panahon kung kailan isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak.[215] Ang karamihan sa Kanyang mga kapanahon sa Israel ay hindi nakakilala kay Jesus bilang katuparan ng pangako.[216] Ngunit ang labindalawang alagad, ang mga apostol, ay nakakilala nito di-nagtagal. Gayunman, pagkatapos lamang ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus. Ang kanilang pangangaral ng ebanghelyo sa aklat ng Mga Gawa at sa kanilang mga sulat ay puno ng mga sipi mula sa Lumang Tipan.[217] Maraming halimbawa. Si Jesus mismo ang nagsabi na ang Kasulatan, ang Lumang Tipan, ay nagsasalita tungkol sa Kanya.[218] Dito ay may tatlong maikling halimbawa mula sa Lumang Tipan at ilang talata ng Bibliya.[219]

Sa mga unang pahina pa lamang ng Bibliya, matapos labagin ng mga tao ang utos ng Diyos, may isang pangako na tinatawag na *unang ebanghelyo*: *At papagbabakahin ko ikaw at ang babae, ang iyong binhi at ang kanyang binhi: Dudurugin niya ang iyong ulo, at tutuklawin mo ang kanyang sakong*.[220] Ang halos hindi makilala noon ay nagiging malinaw sa liwanag ni Jesus, ng Kanyang buhay at ng Kanyang kamatayan. Dinaig ni Jesus ang diyablo sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan![221]

Maraming taon pa ang lumipas sa takbo ng kasaysayan ng sangkatauhan bago lumitaw si *Abraham*, kasama ang kanyang asawang si Sara. Ang matanda at walang-anak na mag-asawang ito ay tumanggap ng pangako ng isang anak na lalaki. Hindi lamang upang maging maligaya silang dalawa. Hindi, sa batang ito, kay Isaac, pagpapalain ang lahat ng bansa sa lupa.[222] Ito ay isang pangakong natupad kay Jesus![223]

Makalipas ang ilang siglo, naging hari ng Israel si *David*. Isang lalaking ayon sa puso ng Diyos. Kahit nilabag niya ang mga utos ng Diyos, nanatili siyang laging tapat sa Diyos at hindi kailanman sumamba sa diyus-diyosan. Sa kanya ipinangako ng Diyos ang isang anak na magkakaroon ng walang hanggang trono.[224] Hindi lamang si Salomon iyon. Lubos itong natupad kay

215. Galacia 4:4
216. Gawa 13:27, 32
217. Gawa 2:25-31; Roma 1:17; 3:21-26; 4:17; 10:8-13; 15:9-13; 1 Corinto 2:9; 2 Corinto 6:2; Galacia 3:16; 1 Pedro 1:19; 2:6-9
218. Juan 5:39; 7:42
219. Awit 16:8-10; 22; 31:13; 35:11; 69:4; Isaias 9:2-7; 11:1; 35:4-6; 50:6; 53; Mikas 5:2; Zacarias 11:12; Daniel 9:25-26
220. Genesis 3:15
221. Hebreo 2:14; Roma 16:20; Pahayag 12:9-11; 20:10
222. Genesis 12:3; 22:18; 28:14
223. Galacia 3:16
224. 2 Samuel 7:12-16

Jesus, ang Anak ni David. Sa Kanya natupad ang isang hula na ilang siglo na ang tanda. Isang Hari, isang tuwirang inapo mula sa maharlikang angkan ni David, ang magiging Haring Mesias ng Israel. Magpakailanman. At ganoon nga ang nangyari.[225] Nasa trono na Siya ng Diyos ngayon at malapit na Niyang pamahalaan ang daigdig nang nakikita ng lahat.

Walang sinumang makapagsasabi tungkol sa kanyang sarili na ganito karami ang propesiya tungkol sa kanya. Maraming hula. Marami sa mga ito ang tumpak nang natupad. Ang buong Lumang Tipan ay tumuturo kay Jesus. *Ang Lumang Tipan ang pinakamahalagang saksi ng ebanghelyo ng Anak ng Diyos.*



Ang pag-asa ng ebanghelyo

Kung ang isang ipinako sa krus ay maaaring muling mabuhay, may pag-asa tayong lahat! Ito ay isang tiyak na pag-asa, sapagkat isang Ipinako ang muling nabuhay mula sa mga patay para sa atin: ang Anak ng Diyos. Ibinalik Niya sa atin ang pag-asa!

Tayong lahat ay may mga pag-asa at pangarap. Maglaan kayo ng isang sandali. May kinabukasan ba na hinahangad ninyo, isang pangitain ng isang

225. Lucas 3:23-31; Genesis 49:10; Jeremias 23:5-6; Awit 132:11; Roma 1:3; 2 Timoteo 2:8; Pahayag 5:5

bagay na mas mabuti kaysa sa nararanasan ninyo ngayon? Isang pag-asa na nais ninyong maging katotohanan balang araw?

Nagbubukas ang ebanghelyo ng isang bagong abot-tanaw. Mabubuhay tayo! Magpakailanman. Hindi ang kamatayan ang may huling salita. Nagpapalaganap ng pag-asa ang ebanghelyo.[226] Kaya gusto kong tawagin itong *ebanghelyo ng Bagong Paglikha.* Ipinapangako nito na hindi mananatili ang lahat gaya ng ngayon.[227] Seryoso ang Diyos tungkol sa buong nilikha.[228] Hindi lamang ito tungkol sa mga tao, kundi tungkol sa buong planeta. Ang kaharian ng Diyos ay binubuo, sa isang banda, ng mga taong naglilingkod sa Hari. Ngunit mayroon ding lugar kung saan naroon ang kahariang ito. Ang lugar na iyon ay ang ating lupa.[229] Sa lupang ito, isang napakaliit na butil ng alikabok sa sansinukob, dumating ang Diyos kay Jesus.

Nilikha ito ng Diyos. Ito ang proyekto ng Kanyang puso: Ang lahat ay napakabuti.[230] Kaya hindi mag-iisip ang Diyos ng isang bagay na lubos na iba o bago para sa hinaharap. Hindi, ibabalik Niya ang lupa sa nararapat nitong kalagayan. Sa ibang salita: Gagawin Niya itong bago.[231] Balang araw, wala na roong kamatayan, sakit at gutom.[232] Ang lahat ng sinisira ng tao, pati ang isang nagwawalang kalikasan na nakapipinsala sa tao, ay wala na.[233]

Sa isang wasak na daigdig na walang pag-asa,[234] *ang ebanghelyo ng pag-asa*[235] *ang nangangako ng isang walang hanggan at di-matitinag na kaharian.*[236] *Isang bagong langit at isang bagong lupa ang magiging bago nating tahanan.*

Matibay na nakaangkla ang pag-asa sa Muling Nabuhay. Sa Kanya na namatay at nabubuhay magpakailanman.[237] Binasag Niya ang kapangyarihan ng kamatayan.[238] Sa pamamagitan Niya, ang tunay na buhay at ang kawalang-kasiraan ay nahayag sa liwanag.[239] Kay Cristo, tinanggap natin ang Kanyang buhay ng muling pagkabuhay bilang ating buhay, na hindi na kailanman mamamatay. At wala nang kinalaman sa kasalanan.[240] Ito ang

226. 1 Pedro 1:3-4
227. Roma 8:18-24
228. Juan 3:16
229. Pahayag 5:9-10
230. Genesis 1:31
231. Isaias 65:17-19; 66:22
232. Pahayag 7:9-17; 21:1, 4-5
233. Pahayag 7:16; 22:3
234. Efeso 2:12; 1 Tesalonica 4:13
235. Efeso 1:18; Colosas 1:5, 23
236. 2 Pedro 1:11; Hebreo 12:27-28; Daniel 2:44; 7:14, 27
237. Pahayag 1:17-18; Juan 14:19
238. Hebreo 2:14-15
239. 2 Timoteo 1:10

tunay na buhay at ang di-nauubos na kapangyarihan ng bagong paglikha. Nagsimula na ito sa buhay ng mga tagasunod ni Jesus.[241] Ipinanganak silang muli tungo sa bagong buhay at sa isang buhay na pag-asa.[242] Kay Cristo, sila ay bagong nilikha na ngayon pa lamang. Balang araw, mamumuhay sila *sa* bagong nilikha.[243] Magkakaroon sila ng isang binagong katawan na hindi na mamamatay at maluwalhati.[244] Ngunit sila pa rin ang natatanging persona na ninais ng Diyos, ang mismong pagkatao nila sa kanilang buhay na may kamatayan.

Nagsasalita ang ebanghelyo tungkol sa isang panahong itinakda ng Diyos.[245] Sa panahong iyon, babalik si Jesus, nakikita ng lahat ng tao.[246] Sa dakilang kaluwalhatian at kapangyarihan.[247] Iyon ay magiging araw ng kagalakan para sa lahat ng naghihintay sa Kanya. Sapagkat doon magsisimula ang walang hanggang pamamahala ng Diyos. Doon magsisimula ang panahong hindi na kailanman matatapos. Kapag ang Diyos mismo ay nananahan kasama ng mga tao.[248] Makikita nila ang Diyos. At mararanasan nila ang di-maisip na kagalakan.[249] Iyon mismo ang laging ninais ng walang hanggang Diyos ng pag-ibig, ang Diyos na Tatlo-sa-Iisa. Sa panahong iyon, magiging mas mabuti pa ito kaysa noon pa man. Ang langit, ang Diyos mismo, ay bababa sa lupa upang nakikitang manahan kasama ng Kanyang mga tao, ng Kanyang pamilya. Magpakailanman. Tayo ay magiging larawan ng Diyos, sapagkat magiging katulad tayo ni Jesus![250]

Sa panahong iyon, ang lupa ay magiging iisang malaki, oo, pandaigdigang paraiso. Isang bago at mas mabuting Eden.[251] *Hindi na kailanman makapapasok doon ang manunukso. Wala nang tukso sa kasalanan.*

Hindi rin ito magiging nakababagot, bagkus ay kapana-panabik. Isang malaking pakikipagsapalaran ang naghihintay sa atin, sapagkat magiging tayo – at maaari na tayong maging – ang mga taong dapat sana tayo noon pa man.

---

240. Roma 6:9-10
241. 2 Corinto 5:17
242. 1 Pedro 1:3
243. 2 Pedro 3:13
244. 1 Corinto 15:35-58; Filipos 3:20-21
245. Gawa 17:30-31
246. Pahayag 1:7
247. Marcos 8:38; 13:26
248. Pahayag 21:3
249. Pahayag 22:4
250. 1 Corinto 15:49-50; Filipos 3:20-21; 1 Juan 3:2
251. Pahayag 2:7; 22:1-5

Ang pangarap ng bagong daigdig ng Diyos

Mangarap tayo nang ilang sandali tungkol sa bagong daigdig na ito ng Diyos. Kahit hindi gaanong marami ang alam natin tungkol dito, wala na roon ang lahat ng masama, negatibo at mapangwasak. Kasabay nito, magkakaroon ng maraming bagay na kilala na natin sa kasalukuyang lupa, gaya ng pagkalikha rito ng Diyos.

Isang daigdig na wala nang kahirapan, wala nang gutom, wala nang pakikibaka upang mabuhay, wala nang takot sa kinabukasan.

Wala nang pagkaalipin, wala nang pang-aapi, wala nang karahasan, wala nang manipulasyon, wala nang diskriminasyon, wala nang paghamak, wala nang krimen, wala nang digmaan.

Wala nang sakit, wala nang kamatayan, kaya wala nang dalamhati o luha – kung may luha man, luha ng kagalakan.

Wala nang polusyon, wala nang sakuna. Wala nang pulis, wala nang abogado at hukuman, wala nang ospital, wala nang sikayatrista at sikologo.

Wala nang pagkabagot, wala nang walang-saysay na paghahanap ng kahulugan, wala nang pakiramdam na mas mababa sa iba, wala nang kahihiyan, wala nang kahungkagan, wala nang mapangwasak na pagkagumon at bisyo, wala nang kabiguan!

Sa halip, ito ang mayroon doon: kapayapaan, di-makasariling pag-ibig sa pagitan ng mga tao, sakdal na katarungan, lubos na pagtanggap sa isa't isa, pagpapahalaga at malasakit.

Isang lugar kung saan ang lahat ay gaya ng nararapat. Isang lugar ng umaapaw na buhay, ng pagkakaiba-iba, ng pag-unlad, ng kalayaan, ng pakikipagsapalaran, ng pagkamalikhain, ng patuloy na bagong pagtuklas, isang lugar kung saan ang lahat ay laging bago at sariwa.

Lakas, sigla at sigasig ang mananatili magpakailanman sa halip na pagod, kawalan ng gana at panghihina.

Isang lugar ng di-maisip at sari-saring kagandahan na sinusuyod at sinasaliksik. Isang lugar kung saan nakikilala ang mga bagong tao at nakikipagdiwang kasama nila.

Isang lugar kung saan humihinto ang oras o hindi kailanman lumilipas! Isang lugar kung saan ang maganda ay hindi lamang nakaraan, kundi laging kasalukuyan! Isang lugar kung saan wala tayong mapapalampas.

Isang lugar na inakala nating dapat na umiiral, isang lugar na lagi nang kinasasabikan ng ating puso.

Isang lugar ng kasaganaan, ng pinakamasarap na pagkain, ng pinakamagandang sining at musika, ng pinakamahusay na teknolohiya. Ang

lahat ng bumubuo sa buhay ngayon ay naroon sa ganap na anyo.

Isang lugar ng kagalakan, sapagkat ang Manlilikha ay nananahan kasama ng mga tao, nakikita ng lahat. At namumuhay sila sa ilalim ng Kanyang pag-iingat, ng Kanyang pagpapala, ng Kanyang pag-ibig. Nagagalak sila sa Diyos, sa Ama, Anak at Espiritu, sinasamba at nakikilala Siya. Iniibig Siya.

Ang tumingin sa mga mata ng Walang Hanggan, ang makita ang Diyos nang mukhaan, ang pinakamalaking kaligayahang maaaring maranasan ng tao. Sa panahong iyon man lamang ay mauunawaan natin kung gaano katotoo ang salitang ito. Ang mabuhay magpakailanman nang walang takot at kahihiyan, malaya at puno ng pagtitiwala sa mapagmahal na paglapit ng Diyos, ay hindi maihahambing sa anuman. Kapag tumama sa atin ang Kanyang tingin, sasalubungin at hihipuin tayo, aagos sa atin at yayakapin tayo ng walang hanggang pag-ibig na lagi nating kinasasabikan.

Ang uminom mula sa bukal ng tubig ng buhay at palaging kumain mula sa punungkahoy ng buhay. Iyan ay isang larawan ng walang hanggan, na tinatawag ngayon na langit.

Doon, sa Kanyang presensiya, tayo ay magiging kung ano tayo dapat noon pa man. Ang ating tunay na sarili. Kasing-indibidwal at kasing-natatangi ng pagkakanais at pagkakagawa sa atin ng Diyos. Doon, walang pagkukunwari. Tunay.

Ang lahat ng tao roon, sa pinakamabuting kahulugan, ay mamamahala sa lupa nang may pag-ibig at malasakit[252] at sa gayon ay tutuparin ang misyon ng mga unang tao. Sa paraang ang mga potensiyal ng nilikha ay mapapaunlad nang higit kaysa kailanman. Sa di-maisip na pagkamalikhain, pagkakaiba-iba, kayamanan at kasiyahan. Ang lahat ay puspos ng pag-ibig ng Diyos. Magkakasama, ang Ama kasama ng Kanyang pamilya, na naghanda ng lahat para sa kanila.[253] Nagsasanib ang langit at lupa. Hindi tayo makapaniniwala sa ating kaligayahan. Kahit pagkalipas ng 10,000 taon. Makakasama natin si Jesus magpakailanman. Ang tunay, malalim at nagbubunying kagalakan ay hindi magkakaroon ng katapusan.[254]

Ang ebanghelyo ay ang paanyaya na makasama at makipagdiwang sa dakila at walang hanggang pista.[255] Ang mensaheng ito ay ipinararating sa lahat ng tao.[256]

252. Roma 5:17; Pahayag 5:10; 22:5
253. 1 Corinto 2:9
254. Awit 16:11
255. Pahayag 19:6-10; 21:6; 22:14-15, 17
256. Mateo 28:19-20; 2 Corinto 5:15

Ang bawat isa ay inaanyayahan.[257] Walang bayad ang pagpasok. Itinuwid na ni Jesus ang lahat![258]

Ang ebanghelyo – kapangyarihan para sa kaligtasan

Walang alagad ni Jesus na kailangang mahiya sa ebanghelyo. Kahit para sa marami ay kahangalan ang krus. May kapangyarihan ang mensaheng ito. Para itong dinamita.[259] Ang mga taong binubuksan ng ebanghelyo ang puso ay nakararanas ng kapangyarihang ito ng Diyos na kumikilos sa kanila. Nagkakaroon ng pagbabalik-loob, ng isang bagong buhay. Isang pagbabago ng buhay na tanging kapangyarihan ng Diyos ang makagagawa at umaabot sa lahat ng bahagi ng buhay.[260] Ang kapangyarihang ito ay nagliligtas at nagpapalaya mula sa mga okultong gapos at mga bisyo. Marami ang pinagaling sa katawan at sa kalooban. Naibabalik ang mga ugnayan. *Ang kapangyarihan ng Diyos sa ebanghelyo ay hindi maihahambing sa anupaman.* Walang ideolohiya, relihiyon o pilosopiya na may epektong gaya ng ebanghelyo.[261]

Kung saan tayong mga tao ay walang lakas at hindi alam ang gagawin, hindi matulungan ang ating sarili at ang iba,[262] doon gumagawa ng mga himala ang ebanghelyong ito. Ang himala ng muling pagsilang.[263] Lumilikha ang ebanghelyo ng bagong buhay. Maihahambing ito sa pagsilang ng isang sanggol.[264]

Minsan, hinamon ng isang ateista ang isang kilalang ebanghelista sa isang debate tungkol sa pag-iral ng Diyos. Pumayag ang ebanghelista, ngunit nagtakda siya ng kondisyon: magdala ang ateista ng mga taong nakaranas ng pagbabago ng buhay tungo sa mabuti dahil sa ateismo. Hindi natuloy ang debate, sapagkat walang sinumang naging bagong tao o napalaya mula sa mga bisyo at pagkagumon dahil sa ateismo. Ang ebanghelista naman ay nakakakilala ng maraming taong napalaya at naging bagong tao dahil sa kanyang pangangaral ng ebanghelyo.

Walang taong nilalampasan ng ebanghelyo. Para ito sa lahat. Gayundin ang kapangyarihang nananahan sa mensaheng ito. Ito ang kapangyarihan ng

257. Mateo 22:1-14
258. Roma 3:24; Pahayag 21:6; Isaias 55:1
259. Roma 1:16-17
260. 1 Tesalonica 1:5-10
261. Juan 8:36; Roma 6:18
262. Roma 5:6
263. Juan 3:3; 1 Pedro 1:3; Tito 3:4-7
264. 1 Corinto 4:15; Santiago 1:18; 1 Pedro 1:23-25

Diyos, gaya ng pagkahayag nito sa muling pagbuhay sa Kanyang Anak.

Ito ang tunay na kapangyarihan para sa kaligtasan!

Pagsunod sa ebanghelyo

Binabago ng ebanghelyo ang mga tao. Naranasan na ba ninyo ito? O nakita sa iba? Isang tunay na kagalakan. Biglang nagugutom ang mga tao na basahin ang Bibliya. Nagugutom sila sa presensiya ng Diyos.[265] Hinahangad nilang makaalam pa nang higit tungkol sa Diyos. Bago nila nakilala ang ebanghelyo, walang ganitong interes. Biglang itinatanong nila kung ano ang nais ng Diyos.[266]

Ang tugon sa ebanghelyo ay kawalang-pakialam o pagtanggi sa isang panig. Pananampalataya sa kabilang panig.[267] Hindi lamang pagtanggap ng isip na totoo ang ebanghelyo,[268] kundi isang personal na tugon ng buong pagkatao. Sa isang salita: *pagsunod ng pananampalataya*.[269] Sinusunod ng mga tao ang panawagan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng paniniwala sa dala sa kanila ng mensaheng ito. Kahit hindi nila ito mismo nakikita bilang isang hakbang ng pagsunod, kundi bilang pagtanggap ng isang regalo.

Bumabaling sila sa Diyos. Palayo sa lahat ng bumubuo sa isang buhay na walang Diyos. Palayo sa mga diyus-diyosan, nakikita man o di-nakikita.[270] Nakikilala nila ang kasalanan sa kanilang buhay at ipinapahayag ito sa kanilang Ama sa langit.[271] Tinatanggap nila ang kapatawaran sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Nararanasan nila ang kaligtasan at kagalingan. Kapag ipinangangaral ang ebanghelyo nang may kapangyarihan at may malaking katiyakan at kalinawan, inaakay nito ang mga tao sa liwanag.[272] Nakikilala nila kung sino sila at kung sino ang Diyos. Nagkakaroon sila ng lubos na naiibang pagtingin sa katotohanan ng buhay. May nagaganap na paglipat, na ang Diyos mismo ang gumagawa, gaya ng mula sa kamatayan tungo sa buhay.[273]

265. 1 Pedro 2:2
266. 1 Pedro 4:2-3
267. Gawa 2:37-41
268. Santiago 2:19
269. Roma 1:5; 16:26; 1 Juan 2:3-4; 3:24; 5:2-3
270. Gawa 11:21; 14:15; 1 Tesalonica 1:9-10; 1 Pedro 4:3
271. Gawa 19:18-20; 1 Juan 1:9; Kawikaan 28:13; Awit 51
272. 1 Tesalonica 1:5
273. Colosas 2:13; 1 Juan 3:14

Maging alagad ni Jesus

Ang pagbaling kay Jesus ay madalas nangyayari bilang isang proseso. Ang taong nagkakaroon ng ugnayan kay Jesus sa pamamagitan ng ebanghelyo ay nagsisimulang gumawa ng maliliit na hakbang ng pananampalataya. Nagsisimula siyang makinig kay Jesus at magtiwala sa Kanya. Nagsisimula ang isang paglalakbay, isang paglago at pag-aaral. *Ang pagiging alagad ay nangangahulugang pagiging isang estudyante, isang nag-aaral. Isa itong proseso na hindi kailanman natatapos sa buhay na ito.*

Noon, sinusundan ng mga alagad ni Jesus si Jesus saanman Siya pumunta. Higit sa Labindalawa ang mga alagad. Si Jesus ang Guro na pinag-aaralan ng mga alagad. Nais ng mga alagad na maging gaya Niya, sa pamamagitan ng paggawa ng Kanyang sinasabi.[274]

Nang wala na si Jesus, tinatawag pa rin na mga alagad ang lahat ng sumasampalataya kay Jesus. Nang kalaunan lamang sila tinawag na mga Kristiyano.[275]

Ang simula ng pagiging alagad

Ang pagiging alagad ang layunin ng Diyos para sa atin! Mga taong sumusunod at tapat kay Jesus, ang Hari. Kung minsan ay kapansin-pansin ang simula nito, ngunit madalas din na mahiyain at hindi napapansin. Tinutulungan ng Espiritu ng Diyos ang mga alagad na gawin ang sinasabi ni Jesus. At lumago sa pananampalataya. Sa kanila, gumagana ang ebanghelyo gaya ng isang binhi na nahuhulog sa matabang lupa ng puso at lumalaki hanggang mamunga.[276] Sa isa ay mabilis, sa iba naman ay mas matagal. Nadarapa at muling bumabangon. Sa ganitong paraan nagiging nakikita ang bagong espirituwal na buhay.[277] Ang lalong pag-unawa sa ebanghelyo ay nananatiling isang proseso ng pag-aaral. *Hindi ito nangyayari bilang usapin lamang ng isip, kundi sa pamamagitan ng paggawa at pamumuhay rito.*

Muli, sapagkat napakahalaga nito: Ang sumunod kay Jesus at maging Kanyang alagad ang layunin ng ebanghelyo. Ang ebanghelyo ay hindi tiket papasok sa langit at hindi lamang pang-aliw na umaasa sa kabilang buhay. Ito ay isang bagay na nagbabago na sa buhay na ito, dito at ngayon, na balang araw ay

274. Juan 8:31
275. Gawa 11:26
276. Marcos 4:20; Juan 15:8
277. Roma 6:21-22; 7:4; Efeso 5:9; Colosas 1:10; Tito 3:14; Hebreo 13:15; 2 Pedro 1:8

ipagpapatuloy at gagawing ganap sa walang hanggan at sa kaluwalhatian. Ang buhay na walang hanggan ay isinasabuhay na ngayon pa lamang!

May isang panlabas na tanda kung saan pinatutunayan ng isang tao na siya ay kay Cristo na ngayon: *ang bautismo*.[278] Hayagan nitong pinagtitibay at tinatatakan, sa harap ng mga tao at sa harap ng mga kapangyarihan ng di-nakikitang daigdig, na mula ngayon si Jesu-Cristo ang Manunubos at Panginoon ng kanyang buhay. *Malaki ang pagkakaiba na nagagawa ng bautismo sa tubig. Ito ay isang paglipat ng panig, isang pagpapahayag ng katapatan sa Haring si Jesu-Cristo. Ito ay nasa pinakasimula ng buhay kasama ni Jesus. Dapat itong gawin nang hayagan, upang makita ng mga tao kung gaano kaseryoso ang mga alagad ni Jesus.*

Ano ang anyo ng pagsunod kay Jesus?

Ano ang anyo ng buhay bilang alagad? Patuloy niyang gagawin ang lahat ng bagay na bumubuo sa buhay: matulog, kumain, magtrabaho, pumasok sa paaralan, at iba pa. Ngunit nagbabago ang panloob na saloobin at motibasyon, ang pagtingin sa buhay at sa kapwa.

Narito ang ilang katangian ng mga alagad ni Jesus bilang mga bunga ng bagong buhay mula sa Diyos. Ang lahat ng babanggitin ko ay sinusubok ngayon at patuloy na susubukin. Ang bagong pagkatao kay Cristo ay pinaglalabanan din. Ang pagsalungat ay hindi lamang mula sa labas, kundi mula rin sa loob. Ang dati nating pagkatao, ang mga dating gawi, ang kasalanan sa loob natin ay muling nagpaparamdam. Hindi kailangang mabigla rito, na para bang ang lahat ng bago ay isang guni-guni lamang. Tumutulong at kumikilos ang Diyos sa atin. Ibinigay sa atin ang Kanyang Espiritu bilang Katuwang, Lakas at Tagatulong.

Iniibig ng mga alagad ni Jesus ang Diyos, ang kanilang kapwa at ang isa't isa![279] Ang pag-ibig ng Diyos ay mananatiling pinakadakila magpakailanman![280] Wala itong hangganan. Nakikilala ang mga alagad ni Jesus sa pag-ibig nila sa isa't isa![281]

Nagmamalasakit at nag-aasikaso ang mga alagad sa isa't isa![282] Sila ay isang pamilya. Sila ay isang samahan. Makikita ito hindi lamang sa regular na

278. Mateo 28:19; Marcos 16:16; Gawa 2:38-41; 8:12, 36-38; 9:18; 10:47-48; 16:15, 33; 18:8; Roma 6:3; Galacia 3:27; Efeso 4:5; Colosas 2:12
279. Mateo 22:36-40; Juan 13:34-35; 15:13-17; 1 Corinto 13:4-7
280. 1 Corinto 13:13
281. Juan 13:35
282. Gawa 11:29

pagdalo sa pagsamba, kundi sa buong buhay, sa pang-araw-araw.

Sama-samang inaalala ng mga alagad ni Jesus sa Banal na Hapunan, sa pagpipira-piraso ng tinapay, ang ginawa ni Jesus para sa kanila. Ginagawa nila ito nang regular o hangga't maaari.[283] Para sa kanilang pagsamba, hindi nila kailangan ang mga gusali ng simbahan. Nagtitipon sila sa mga bahay, bilang isang espirituwal na pamilya.

Nananalangin ang mga alagad ni Jesus sa Ama sa langit, nang mag-isa at nang magkakasama![284] Nakikipag-usap sila sa Diyos na para bang nakikita nila Siya. Ang pagsamba at pagpupuri, nang mag-isa at nang magkakasama, ay malaking kagalakan para sa kanila.[285]

Nagbabasa ng Bibliya ang mga alagad ni Jesus![286] Sa gayon ay nakikilala nila ang Diyos at ang Kanyang kalooban. At kung ano ang ibinigay Niya sa kanila.

Naririnig ng mga alagad ni Jesus ang tinig ng Diyos at nararanasan nila ang Kanyang patnubay at tagubilin sa pang-araw-araw, sa maliliit at malalaking bagay.

Nagdurusa ang mga alagad ni Jesus.[287] Kung paanong inusig si Jesus, gayon din ang maaaring mangyari sa kanila. Nagsisimula ito sa pagtawanan, sa pambu-bully, at maaari itong mangahulugan ng kamatayan, gaya ng sa ilang bansa sa daigdig hanggang ngayon.[288]

Ginagawang mga alagad ng mga alagad ni Jesus ang ibang tao![289] Hindi ginagawa ng ebanghelyo ang mga tao na mga Kristiyanong naniniwala lamang sa isang partikular na bagay, kundi mga alagad na sumusunod kay Jesus sa pang-araw-araw. Na handang talikuran ang lahat at pasanin araw-araw ang kanilang krus, at ang layunin sa buhay ay gawing mga alagad ang ibang tao. Iyan, at wala nang iba, ang nais ni Jesus![290] Lumalabas ang mga alagad ni Jesus patungo sa mga tao. Hindi nila ikinukulong ang kanilang sarili.

Nagsasalita ang Bibliya tungkol sa isang proseso ng paglago at pagkaunawa.[291] *Hindi perpekto ang mga Kristiyano.* Nagkakasala pa ang mga Kristiyano, ngunit hindi na sila pinaghaharian ng kasalanan.[292] Ayaw na

283. 1 Corinto 11:23-27
284. Mateo 6:5-15; Juan 16:26-27; 1 Tesalonica 5:17
285. Juan 4:23
286. Colosas 3:16; 2 Timoteo 3:16; 1 Pedro 2:2
287. Gawa 14:22
288. Juan 15:18-20
289. Mateo 28:18-20
290. Lucas 14:26-27, 33; Gawa 14:21
291. Juan 3:30; Colosas 1:10; 2 Tesalonica 1:3; 2 Pedro 3:18

nilang magkasala. Namumuhay sila sa ganap na kapatawarang ibinigay sa kanila ng Diyos. Pati para sa mga kasalanang magagawa pa nila.[293] Kinikilala nila ang kanilang mga kasalanan at ipinapahayag ang mga ito sa kanilang Ama sa langit. Gayundin sa isa't isa, kapag nagkasala sila sa isa't isa.[294] Namumuhay sila sa ilalim ng biyaya,[295] hindi sa ilalim ng kautusan.[296] Ang kanilang layunin ay hindi ang tuparin ang Sampung Utos. Ang buhay kasama ni Jesus ay umaabot nang higit pa sa hinihingi ng mga utos na ito. Nagiging posible ito sapagkat ang Banal na Espiritu ay nabubuhay sa atin.

Tinanggap nila ang Banal na Espiritu,[297] na nananahan sa kanila at umaakay sa kanila. Layunin Niya na maging nakikita ang mabubuting bunga ng Espiritu.[298] *Ang mga bungang ito ay makikita lalo na sa pakikitungo sa isa't isa: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, pagpipigil sa sarili. Sa kabuuan, ito ang isinabuhay ni Jesus. Ang maging gaya Niya ang bagong layunin ng buhay.*[299] Ito ay bunga ng Diyos, na pinasisibol at pinalalago Niya sa ating buhay kapag nagtitiwala tayo sa Kanya. Ang Banal na Espiritu ang kapangyarihan upang sumunod kay Jesus.[300] Ang Espiritung ito ang personal na presensiya at pagkanaroroon ng Diyos sa ating buhay. Kamangha-mangha, hindi ba? Ang Espiritu ay Tagapayo, Coach, Tagapagsanay, Tagatulong at Patnubay nang sabay-sabay. Ginagawa Niya mismo ang gagawin sana ni Jesus kung narito Siya kasama natin sa lupa.

Binibigyan ng Espiritu ng Diyos ang mga alagad ng mga kaloob upang makapaglingkod sila sa isa't isa.[301]

Ang pagiging alagad ay hindi pagpapalayaw, hindi isang pasyal at hindi isang Kristiyanismong nakaupo lamang sa silya. Nangangahulugan ito ng pamumuhay at paglilingkod gaya ni Jesus. Isang bagong prinsipyo sa buhay na may kasamang pananagutan. Ang Kanyang kaharian at ang Kanyang katuwiran ay laging nauuna para sa alagad ni Jesus. Ang lahat ng iba pa, sabi ni Jesus, ay ating Ama ang bahala.[302]

---

292. Roma 6:12-14
293. Hebreo 10:14; 1 Juan 1:5-2:2
294. Santiago 5:16
295. Gawa 13:43
296. Roma 6:14
297. Juan 7:39; 14:17; 1 Corinto 2:12; 6:19
298. Galacia 5:13-26
299. 2 Corinto 3:18
300. Gawa 13:52; Roma 8:12-17
301. 1 Corinto 12; Roma 12:3-8
302. Mateo 6:33

Walang sinuman maliban kay Jesus ang may awtoridad na magsabi: *Sumunod ka sa akin!* Kapag tinawag Niya tayo, maaari ba tayong tumanggi?

Hindi ito magiging madaling daan. Sinabi ni Jesus na dapat nating kuwentahin muna ang halaga,[303] upang makagawa tayo ng isang matibay, tunay at pinag-isipang pasya na hindi agad mawawala sa unang salungat na hangin. Makitid ang daang patungo sa buhay at paakyat ito. Ang malapad na daan patungo sa kapahamakan ay kusang tinatahak. Walang kailangang gawin ang tao kundi manatili kung ano siya.[304]

Para sa ating buong buhay bilang mga tagasunod ni Jesus, na pinaglalabanan at sinusubok, ito ang totoo: Iniibig ng Diyos ang Kanyang mga anak sa bawat sandali nang kasintulad ng sandaling ibinigay Niya ang Kanyang Anak para sa kanila.[305]

Ang pagbalewala sa ebanghelyo

Ang ebanghelyo ay hindi mensahe ng pananakot. Ito ay isang masayang balita! Sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya, binubuksan nito ang daan patungo sa Diyos, sa kapatawaran, sa kalayaan, sa buhay, sa kahulugan.

Ngunit *ang ebanghelyo ay hindi isang bagay na puwedeng piliin o hindi ayon sa gusto*. Hindi ito isang katotohanan sa gitna ng marami. Ang nakaririnig ng mensahe ay hinahamong magpasya. Hindi ito dapat iturin nang basta-basta. Sapagkat nais tayong iligtas at ingatan ng mensaheng ito.

Isipin ninyo ang isang balitang nagbabalita tungkol sa isang sunog sa kagubatan, o sa isang bagyo, o sa kontaminadong inuming tubig, o sa pagguho ng isang dam. Isang balitang hindi lamang nagbabalita, kundi nagpapakita rin ng labasan at kanlungan. Gaano kaseryoso dapat tanggapin ang mensaheng ito? Paano kung mali ang akala ng isang tao na ito ay labis-labis o hindi totoo, o para lamang sa iba?

Mabubunyag ang lahat

Ipinangaral ng mga alagad ni Jesus ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagpapatotoo tungkol sa muling nabuhay na Panginoon ng daigdig.[306] Ipinahayag nila na sa Kanya ay posible ang kapatawaran, kapag nagtiwala ang isang tao sa Kanya, ipinahayag ang kanyang mga kasalanan at binago

303. Lucas 14:28
304. Mateo 7:13-14
305. Juan 16:27; 17:23
306. Gawa 4:2; 8:12, 25, 35, 40; 11:20; 17:18

ang kanyang buhay. Kasabay nito, lagi nilang idiniin na darating ang isang araw, na tiyak nang itinakda, kung kailan mananagot ang bawat tao sa harap ng Panginoong ito. *Si Jesus ang Hukom ng lahat ng tao*. Haharap sa Kanya ang bawat isa. Mata sa mata. Ang Diyos, ang Kanyang Ama, ay ipinagkatiwala sa Kanya ang paghatol.[307]

Mananagot tayo sa lahat ng ating ginawa, sinabi at inisip. Kaya ito ay isang babala na pag-isipan ang ating buhay! Na pag-isipan kung kalugud-lugod sa Diyos ang ating ginagawa. *Ano ang nararamdaman ninyo kapag naiisip ninyo na mabubunyag ang lahat – walang itinatangi? Ang lihim nating inisip at ginawa, ang ginawa natin sa mga tao at pati ang hindi natin ginawa.*

Sa kaibuturan natin, sa puso at sa budhi, alam nating lahat na tayo ay nagkasala. Alam natin kung ano ang hindi kailanman sasang-ayunan ng Diyos. Isipin ninyo: Handa ba tayong ipakita sa isang screen, sa harap ng lahat ng nakasalamuha natin sa linggong ito, ang ating mga iniisip at damdamin noong nakaraang linggo? Malamang na hindi tayo papayag, sapagkat may ilang bagay na mas gusto nating itago sa ating sarili. Kung ikinahihiya na natin ang ilang bagay sa harap ng mga tao, paano pa kaya sa harap ng banal na Diyos?

Ang usapin ng kasalanan sa ating ugnayan bilang tao sa Diyos ay hindi kailanman minamaliit sa Bibliya. Baligtarin man natin ito at ikutin ayon sa gusto natin: Ito ang pangunahing problema. Ang mensaheng nagdudulot ng kagalakan ay: Ang nasa kay Cristo ay hindi kailangang matakot sa kahatulan.[308] Kapag pinatawad na tayo, hindi na natin kailangang matakot na humarap sa Diyos. Kay Cristo, ginawa Niya tayong Kanyang mga anak, Kanyang mga anak na lalaki at babae.[309] Pinalalayas ng sakdal na pag-ibig ng Diyos ang takot![310]

Ngunit paano kung tanggihan ko ang ebanghelyo? Hindi ipinipilit ng Diyos sa sinuman ang Kanyang mensahe. Ipinauubaya Niya sa tao ang pagpapasya. Bagaman kasabay nito ay ginagawa Niya ang lahat upang kumbinsihin siya sa mensaheng ito. Naghahanap Siya at nagsisikap na makamit ang puso ng mga tao.[311]

Isipin ninyo ang isang taong nalulunod, na hinagisan ng salbabida. Walang sinumang magsasabi na pinipilit ang nalulunod na maligtas. Kung hindi nakikilala ng isang tao na siya ay napapahamak, walang kahulugan sa kanya ang ebanghelyo. Ngunit kumikilos ang Espiritu ng Diyos sa

307. Juan 5:22-29
308. Roma 8:1
309. Juan 1:12
310. 1 Juan 4:16-19
311. Lucas 19:10

ebanghelyo sa pamamagitan ng pagpapakilala sa mga tao ng kanilang kasalanan.[312] May kapangyarihan ang Salita ng Diyos na buksan ang mga puso.[313]

Ngunit hindi tayo dapat malinlang: Kung wala ang ebanghelyo, kung wala si Cristo, tayo ay napapahamak at nasa ilalim na ng poot ng Diyos. Walang neutral na lugar. Kay Cristo ay walang kahatulan – kung wala si Cristo, makatarungan tayong hahatulan.

Kung mananatili ang pagtanggi, haharapin ng tao ang mga kahihinatnan. Mananatili siyang mag-isa kasama ng kasalanan at pagkakasala. Paano niya ipagtatanggol – at paano niya maipagtatanggol – ang kanyang sarili sa harap ng Isang nakakikita sa lahat ng motibo?

Ang Diyos ay pag-ibig![314] Ngunit Siya rin ay liwanag. Lubos na banal.[315] Ang nagpapasya laban sa Kanyang mensahe ay tumatanggi sa Diyos, kay Jesus at sa lahat ng ginawa Niya dahil sa pag-ibig para sa kanya. At iniaalok nang walang bayad sa bawat isa. Minsan ay sinabi ni Jesus:

Ang hindi sumasaakin ay laban sa akin![316]

Ang poot ng Diyos

Para itong pagpapabaya sa isang nangangailangan ng saklolo kung hindi ko babanggitin ang katotohanan ng poot ng Diyos.[317] Ang lubos na pagkasuklam ng Diyos sa kasalanan. Naaantig ng kasalanan ang kaibuturan ng Kanyang pagkatao. Nalulungkot Siya[318] na ang Kanyang mga tao ay namumuhay nang walang Diyos at hindi nakikita na kung wala Siya ay patungo sila sa kapahamakan. *Kung paanong hindi maiisip at mauunawaan ang pag-ibig ng Diyos nang walang damdamin, gayundin ang Kanyang poot. Ngunit ang poot na ito ay dalisay at banal din. Hindi ito bugso ng damdamin, hindi isang di-makatwiran at walang-sukat na reaksiyon sa mga kasalanan ng tao. Ang Diyos ay mabagal sa pagkagalit!*[319] Di gaya nating mga tao.

Ang poot ng Diyos ay nangangahulugang ipinauubaya ng Diyos ang tao sa kanyang sarili, kasama ang mga bunga at epekto ng kanyang mga

312. Juan 16:8
313. Hebreo 4:12-13
314. 1 Juan 3:1; 4:7-8, 16
315. 1 Juan 1:5; Pahayag 4:8
316. Mateo 12:30
317. Juan 3:36; Roma 1:18; 2:5, 8; 3:5; 5:9; Efeso 2:3; 5:6; Colosas 3:5-6; Pahayag 6:16-17; 11:18
318. Marcos 3:5
319. Exodo 34:6

kasalanan.[320] Ang maiwang mag-isa, ang mapahamak kasama ang lahat ng problemang ako mismo ang lumikha. Walang sinumang nais makaranas nito.

Ang poot ay nangangahulugang humarap, kasama ang aking kasalanan, sa maluwalhating kabanalan ng Diyos sa araw ng paghatol. Ang poot ng Diyos ay ang tugon ng Diyos sa ating mga kasalanan, na ginagawa natin laban sa mga tao at laban sa Kanya.

Kung hindi magagalit ang Diyos, hindi Siya Diyos. Itatatwa Niya ang Kanyang pag-ibig, na hindi makatiis sa anumang anyo ng kasamaan. Sa huli, walang sinumang nagnanais ng isang Diyos na sumasang-ayon sa lahat. *Kung hindi kayang garantiyahan ng mga tao ang katarungan, ang Diyos na lamang ang ating maaasahan.* Ngunit hindi lamang ito tumatama sa iba – ang bawat isa ay magbibigay-sulit para sa kanyang sarili.

Nagpapatotoo ang mga Kristiyano sa kalooban ng Diyos na makipagkasundo,[321] sapagkat ganito nila Siya mismo nakilala.[322] Ngunit hindi Siya isang napaamong Diyos na umaangkop sa ating mga pamantayan. Hindi Siya mananahimik sa ating mga kalikuan. O basta na lamang palalampasin ang mga ito. Titiyakin Niya ang katarungan. Sa sarili Niyang paraan, na higit sa ating kakayahan at sa ating pag-iisip ngayon.

Ang tumatanggi sa Diyos at sa Kanyang mabuting balita, marahil ay ilang ulit pa nga, ay nagpapatigas ng sarili niyang puso. Sa gayon siya napapahamak.[323] *Napapahamak, sapagkat masakit sa loob ng Diyos na tanggapin ang pagtangging ito.* Ang mapahamak ay nangangahulugang wala ang tao sa lugar kung saan siya dapat naroon at maaaring naroon. Wala sa tahanan, kundi nag-iisa at walang ugat. Naputol ang ugnayan sa Diyos. Sa isang Diyos na hinahanap ang bawat isa hanggang sa huli upang iuwi siya.[324]

Ang bawat tumatanggi sa ebanghelyo ay tatanggap ng makatarungang kahatulan sa kanyang mga kasalanan.[325] Ang hatol ay magiging lubos na makatarungan.[326] Kung ano ang itinanim ng tao ay siya rin niyang aanihin, sapagkat ang Diyos ay hindi nalilibak.[327] Ang sumuway sa katotohanan at sa ebanghelyo at matigas na lumaban ay makararanas ng poot, galit, kapighatian at takot.[328] Kung minsan ay sa buhay na ito pa lamang, ngunit

320. Roma 1:26
321. 2 Corinto 5:19-20
322. 2 Corinto 5:11
323. Roma 2:12; 1 Corinto 1:18; 15:18; 2 Corinto 2:15; 4:3; 2 Tesalonica 2:10; 2 Pedro 3:9
324. Lucas 15:4, 24; Juan 3:16; 2 Pedro 3:9
325. 2 Corinto 5:10
326. Pahayag 20:11-15; 21:8
327. Galacia 6:7-8; Bilang 32:23
328. Roma 2:5-11

tiyak pagkatapos ng kamatayan. Ganito ang pakiramdam ng tumingin nang harapan sa sarili niyang kasalanang hindi naalis at muling harapin ang sarili niyang kasalanan. Sa pagkakataong ito, mula sa pananaw ng Diyos. At mula sa pananaw ng mga taong ginawan niya ng masama.

Ang buhay na walang hanggan at ang impiyerno

Nagsasalita si Jesus tungkol sa buhay na walang hanggan sa kaluwalhatian[329] at tungkol sa apoy na walang hanggan at parusang walang hanggan.[330] Nagsasalita Siya tungkol sa kadiliman sa labas, kung saan naroon ang mga hindi sumusunod sa ebanghelyo.[331] Tungkol sa pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin.[332]

Si Jesus nga ang madalas bumanggit ng impiyerno. Siya, na ang pag-ibig mismo, ang pinakamadalas magsalita tungkol dito.[333]

Ang salita para sa impiyerno sa orihinal na wikang Griego ng Bagong Tipan ay *Gehenna*. Noon, ito ay isang tunay na lugar, isang lambak malapit sa Jerusalem. Noong panahon ni Jesus, ito ay isang tambakan ng basura kung saan laging may nagniningas na apoy. Tinutukoy rin ni Jesus ang propetang si Jeremias, na tumatawag sa lambak ding iyon na Ben-Hinnom.[334] Kilala ang lugar na ito sa pagsamba sa diyus-diyosan, kung saan inihahandog pa ang mga bata. Kaya ito ay sagisag ng kahihiyan at kasalanan. At dahil dito, ng paghatol at kapahamakan. Ng pagkawasak at kamatayan.

Ang nais mamuhay gaya ng dati, ang nais manatili sa kanyang kasalanan, ay sa gayon nagpapasya laban sa buhay. Nananatili siyang hindi kasali sa kaluwalhatian ng buhay na walang hanggan. Iyon ang buhay at kinabukasan ng lahat ng anak ng Diyos sa Kanyang bagong daigdig.[335]

Inilalarawan ang impiyerno bilang babala sa matitinding larawan. Hindi ito inililihim ng Bibliya. Sa kabaligtaran: Mariin itong nagbabababala. Hindi lamang ito para sa "malalaking makasalanan". Huwag lamang nating isipin ang mga mamamatay-tao ng maraming tao gaya nina Hitler, Stalin o Mao. Ang mga sadista o mga nang-aabuso sa mga bata. Itinatakda ng Diyos ang kanilang hatol nang kasing-makatarungan ng hatol sa isang tao na, ayon sa ating mga pamantayan, ay wala o kaunti lamang ang nagawang mali. Malinaw ang

329. Juan 3:36; 5:24; 6:47, 51; 10:28; 11:26; Roma 5:21; 6:23; 1 Juan 2:25; 5:11, 13
330. Mateo 25:34, 41, 46
331. Mateo 8:12; 22:13; 25:30; Juan 8:12; 12:46
332. Mateo 8:12; 13:42, 50; 22:13; 24:51; 25:30; Lucas 13:28
333. Mateo 5:22-30; 10:28; 18:9; 23:33
334. Jeremias 7:31; 19:2-7; 32:35; Isaias 66:24
335. Pahayag 21:8, 27; 22:15

sinasabi ng Bibliya: *Ang lahat* ay nagkasala at hindi umaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.[336]

Kung ano ang kahulugan ng impiyerno para sa mga tao nang detalyado, tungkol diyan ay tahimik si Jesus at ang Bibliya. Kaya walang lugar dito ang mga guni-guni. Sapat nang babala ang mga pahayag ni Jesus.

Makaririnig kayo ng iba't ibang opinyon tungkol sa impiyerno. Wala raw ito, sabi ng ilan. Ang iba naman ay naniniwala na doon ay tuluyang lilipulin ang mga napahamak na tao. Ang iba pa ay nagsasabing mananatili lamang doon ang mga tao nang may takdang panahon upang dalisayin, at pagkatapos ay papasok din sa buhay na walang hanggan. Basahin ninyo ang Bibliya tungkol dito at hanapin ninyo ang mga talata sa mga talababa. Ipagpalagay ninyo ang pinakamasama, ang pinakamasamang maaaring mangyari. Mas mabuting magulat nang may kagalakan kaysa mabigo nang may kapaitan.

Iginagalang ng Diyos ang pagtanggi ng mga tao. Bagaman masakit ito sa Kanya at nananaghoy Siya, gaya ng pananaghoy ni Jesus para sa Jerusalem.[337] Mahihiwalay sila sa Diyos at papasanin nila ang mga kahihinatnan ng kanilang pagtanggi at mga kasalanan. Ito ang tinatawag ng Bibliya na *ang ikalawang kamatayan*.[338] Ninais nilang mamuhay nang walang Diyos, at ngayon ay ganoon na sila magpakailanman. Totoo ang pangungusap na "Sa impiyerno ay pawang mga kusang-loob lamang ang naroroon".[339] Nakaharap ang tao sa pagpili: ang magpasya para sa kamatayan o para sa buhay.[340]

Ngayon ang araw ng kaligtasan – hindi bukas!

Ang ibang ebanghelyo

Ang ebanghelyo ay ang salita ng katotohanan.[341] Ang katotohanan ng Diyos. Habang lalong lumalaganap ang ebanghelyo, lalong dumarami ang mga bersiyon na hindi na tugma sa orihinal. Sa unang siglo pa lamang ng ating panahon, nagbabababala na ang mga apostol, na inatasan ni Jesus na mangaral, laban sa mga pinekeng ebanghelyo.[342] Kahawig ang mga ito ng orihinal, maaari silang magmukhang tunay na tunay.

---

336. Roma 3:23
337. Mateo 23:37
338. Pahayag 2:11; 20:6, 14; 21:8
339. Ang kaisipan ay mula kay C. S. Lewis: Ang mga pinto ng impiyerno ay nakakandado mula sa loob ("Über den Schmerz", *The Problem of Pain*).
340. Deuteronomio 30:15-19
341. Galacia 2:5, 14; Efeso 1:13; Colosas 1:5; 1 Timoteo 2:4
342. 2 Corinto 11:1-4; Galacia 1:6-9

Gayundin, may mga pinaikling bersiyon na nag-aalis o nagdaragdag ng mahahalagang bagay. May mga mali at nakalilinlang na bersiyon. Narito ang ilang halimbawa bilang gabay.

Patuloy na ipinapakita ng ebanghelyo na hindi natin maililigtas ang ating sarili. Ang bawat pagtatangka na pabutihin ang ating sarili ay walang pag-asa. Nabibigo ang pagtatangka na tuparin ang kautusan ng Diyos at matanggap ng Diyos sa pamamagitan ng mababuting gawa.[343]

Hindi rin gumagana ang umangkin ng kaunting biyaya ng Diyos at idagdag ang ating mababuting gawa bilang kinakailangang dagdag. Isang paghahalo o pagdaragdag ng biyaya at ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa. *Sa paanuman, bahagi ng ating kalikasan bilang tao ang nais na pagtrabahuhan ang isang bagay.* Mahirap tanggapin ang biyaya. Ngunit iyan mismo ang ebanghelyo!

Sa kabilang banda, maaari ring maliitin at gawing mura ang biyayang ito ng Diyos. Ang umaangkin sa ebanghelyo ngunit hindi nagbabago ng kanyang buhay – tinatawag ito ng Bibliya na pagsisisi at pagbabalik-loob – ay mali ang pagkaunawa rito. Ang ebanghelyo ay hindi libreng tiket para sa isang buhay ng pagkamakasarili at makasalanang pagsunod sa sariling gusto.[344] Ang buhay na pananampalataya ay laging humahantong sa isang malalim na pagbabago ng buhay.[345] Inaakay nito ang tao sa isang bagong buhay kung saan si Cristo ang Panginoon at Pinuno.[346] Ang bagong buhay ay hindi walang kasalanan. Hindi ito kailanman magiging ganoon habang nasa katawang panlupa. Ngunit may panahong bago nito at may panahong pagkatapos nito, isang pagbabagong nakikita sa maliliit o malalaking gawa at salita. Ang mababuting gawa ay bahagi ng buhay Kristiyano gaya ng pananampalataya mismo. Kung walang mababuting gawa, patay ang pananampalataya. Kung saan may tunay na pananampalataya, makikita ito sa mababuting gawa. Hindi ito katuwiran sa pamamagitan ng gawa. Ang mababuting gawa ang patunay ng bagong buhay.

Hindi kailangan ng tunay na ebanghelyo ng anumang dagdag. *Si Jesus at wala nang iba*, iyan ang mensahe.

Kaya dapat nating ingatan ang ebanghelyo[347] ayon sa paglalarawan dito ng Bagong Tipan. *Ang isang huwad na ebanghelyo ay hindi nagliligtas!*

---

343. Roma 3:20, 28; Galacia 2:16; 3:10
344. Roma 6:1; 2 Pedro 1:9-11
345. Santiago 2:18-26
346. 2 Pedro 2:1; Judas 1:4
347. Judas 1:3

Kung ano ang hindi ebanghelyo

Ang ebanghelyo ay hindi patalastas para sa isang simbahan o denominasyon. Hindi sa walang papel ang simbahan. Ang mga Kristiyano sa lahat ng denominasyon ay nagpapasa naman ng ebanghelyo, higit man o kulang. Ang mga simbahan ang tahanan, isang lugar na matatawag na tahanan ng lahat ng nananampalataya.

Hindi pangunahing itinuturing ng ebanghelyo ang sarili nito bilang isang programa para pabutihin ang daigdig, bagaman sa maraming lugar ay malaki ang naiaambag nito rito. Higit itong programa para baguhin ang mga puso. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa kapwa ng maraming alagad ni Jesus, marami ang natutulungan. Ang mga ospital, mga bahay-ampunan, ang pagbuwag sa pang-aalipin ay mga patunay ng pag-ibig ng Diyos na nagkakaroon ng anyo sa mga tao. Dapat kumilos ang mga Kristiyano gaya ng asin.[348] Pangalanan ang kawalang-katarungan – pati ang pandaigdigan – at manindigan para sa katarungan.

Ang pagliligtas sa bawat tao sa pamamagitan ng krus ni Cristo ay nagpapakawala ng isang rebolusyonaryong kapangyarihan na nakaiimpluwensiya sa lipunan. Ang mensahe ng krus ang tanging kapangyarihang makapagbabago sa daigdig tungo sa mas mabuti. At ang tanging kapangyarihang nagpatunay na kaya nito ito. *Panahon na upang muling ipangaral nang malakas at malinaw ang krus ni Cristo.*

Sa praktika, makikita ang ebanghelyo sa pagkilos gaya ng ginawa ni Jesus. *Handang magbigay, tumulong, mangalaga, magpalaya, magpahayag ng pananampalataya. Umibig!* Sa maraming lugar ay may nagbabago tungo sa mabuti. Sa pamamagitan ng mga taong binago ng ebanghelyo. Kumikilos ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga tao sa daigdig, at balang araw ay titiyakin Niyang gawing bago ang lahat. Ang baguhin ang daigdig, ang gawing iba ito at lutasin ang mga problemang pampulitika, panlipunan at pampinansiyal nito ay hindi nakapatong sa balikat ng mga alagad. Hindi iyon ang tungkulin at misyon na ipinagkatiwala sa atin ni Jesus.

Sa mga alagad ng kaharian, sa kanilang samahan, nagsimula na ang bagong daigdig ng Diyos. Ipinangangaral nila ang ebanghelyo ng kaharian at ginagawang mga alagad ang mga tao. Iyan ang pinakamabisang impluwensiya sa lipunang kanilang ginagalawan.

Ang ebanghelyo ay hindi rin programa para sa personal na pagpapabuti ng buhay. O para sa pagyaman. Hindi ito pagpapakaperpekto ng sarili. Ito ang mensahe na may ginawa at tinapos ang Diyos na hindi natin kayang

348. Mateo 5:13

gawin. Sa batong ito natin itinatayo ang ating buhay. Ang ating kaligtasan ay nakasalalay sa isinigaw ni Jesus sa krus: Naganap na! Sumasang-ayon tayo rito, tinatanggap natin ito nang may pasasalamat.

Gayunman, ang kasaganaan o kayamanan ay hindi kailanman pangako ng ebanghelyo. Dahil sa pagtatakwil at pag-uusig, kung minsan ay mas mahirap pa ang kalagayan ng mga Kristiyano kaysa sa kanilang mga kapitbahay. Ngunit makaaasa sila sa Diyos na nangakong laging sasakanila at maglalaan para sa kanila.

Sa pagtatapos

Isang pangkalahatang tanaw lamang ito sa pinakamabuting mensahe sa daigdig. Isang mensaheng nagbabangon. Na nagbibigay ng kapatawaran at pagtanggap. Na nagpapalaya at nagpapalakas ng loob sa pamamagitan ni Jesus.

Ano ang sinasabi sa inyo nang personal ng mensaheng ito? Sa inyong puso? Marahil ay hindi pa kayo kailanman naging ganito kalapit gaya ngayon. Ngayon ang araw ng kaligtasan – hindi bukas, sapagkat baka huli na.

Ang ebanghelyo ay gaya ng isang malaking perang papel na ibinabayad sa mga barya at maliliit na perang papel. Kailangan ng panahon upang lalong maunawaan at matarok ang nilalaman ng mensaheng ito. Nangyayari ito sa maliliit, kung minsan ay malalaking hakbang. Habang sumusunod tayo kay Jesus. Sa pang-araw-araw. Ang tunay na pagkaunawa ay lumalago lamang sa bawat hakbang ng pananampalataya at pagsunod. Ibig sabihin, kapag ginagawa lamang natin ang sinasabi ni Jesus.

Ang ebanghelyo ay nasa sentro ng kasaysayan ng daigdig, na ginawa ng Diyos na kasaysayan ng pagliligtas.

Nais ni Pablo na ipangaral ang ebanghelyo sa mga mananampalataya sa Roma,[349] kahit matagal na silang naglalakad sa pananampalataya. Nais niyang ipakita ang kadakilaan nito, ang abot nito at ang mga bunga nito para sa ating buhay sa lupa at sa walang hanggan. Isinulat niya ito: ang sulat sa mga taga-Roma. Isang bantayog ng ebanghelyo.

Basahin ninyo ang sulat na ito!

349. Roma 1:1-5, 9, 15-17

Ano ang susunod?

Pasalamatan ninyo ang Diyos sa lahat ng mabuting sinabi Niya tungkol sa inyo at tuwiran sa inyo.

Kung may mga tanong kayo, sumulat kayo sa akin: hj-ronsdorf@t-online.de

Iba pang mga aklat, mga sulatin at mga sermon ay makikita ninyo sa aking homepage: www.hans-joerg-ronsdorf.de



Narito pa ang ilang mahahalagang payo:

- Basahin ninyo ang Bibliya. Kung maaari, nang regular.
- Basahin ninyo ang Bibliya kasama ng ibang tao – at pag-usapan ninyo ito.
- Ipanalangin ninyo na gawing buhay ng Diyos ang Kanyang Salita para sa inyo – na para bang tuwiran Siyang nagsasalita sa inyo.
- Basahin ninyo ang teksto, mas mabuti kung malakas at nang ilang ulit.

Itanong ninyo sa teksto ang mga sumusunod:

- Anong pamagat ang ibibigay ninyo sa tekstong ito?
- Ano ang sinasabi ng teksto tungkol sa Diyos at kay Jesus?
- Ano ang sinasabi ng teksto tungkol sa mga tao?
- Ano ang natututuhan natin mula sa teksto?
- Ano ang dapat nating gawin?
- Paano tayo pinalalakas ng loob ng Salita?

Manalangin kayo nang magkakasama. Kapag muli kayong nagkita, pag-usapan ninyo ang inyong mga karanasan at ang mga nangyari sa inyo.

Humanap kayo ng ugnayan at pakikisama sa mga Kristiyanong umiibig at nagpaparangal kay Jesu-Cristo, at nagpapahalaga, nagbabasa at nagseseryoso sa Bibliya.

Mabuting balita ba ang ebanghelyo ni Jesus? Bakit nga ba?

Maglaan kayo ng kaunting panahon at tuklasin ang pagiging orihinal ng ebanghelyo mula sa iba't ibang pananaw.

Payak at madaling maunawaan, ang buong larawan ang tinatalakay rito.